
2

NATIONAL LEARNING CAMP

# Reading

## Enhancement Camp

## Lesson Plans




Government Property
NOT FOR SALE

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Enhancement Learning Camp

# Lesson Plans

# Reading Grade 2

# Table of Contents

**Day 1: Lesson 1** ........ **1**

Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita

**Day 2: Lesson 2** ........ **6**

Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita

**Day 3: Lesson 3** ........ **10**

Mensahe, paksa o tema ng maiklingkuwento

**Day 4: Lesson 4** ........ **15**

Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento

**Day 5: Lesson 5** ........ **20**

Naibibigay ang susunod na mangyayari sa pabula

**Day 6: Lesson 6** ........ **27**

Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Pabula

**Day 7: Lesson 7** ........ **31**

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamangpagkakasunod-sunodsa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.

**Day 8: Lesson 8** ........ **38**

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamangpagkakasunod-sunod sa tulong ngmga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar

**Day 9: Lesson 9** ........ **42**

Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga

**Day 10: Lesson 10** ........ **45**

Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga

**Day 11: Lesson 11** ........ **48**

Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar

**Day 12: Lesson 12** ........ **52**

Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar

**Day 13: Lesson 13** ........ **57**

Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan

**Day 14: Lesson 14** ........ **62**

Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan

**Day 15: Lesson 15** ........ **65**

Mga Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat

**Day 16: Lesson 16** ........ **69**

Pagbibigay Kahulugan sa mga Salita sa Pamamagitan ng Context Clues,Halimbawa at Pormal na Depinisyon

**Day 17: Lesson 17** .................................................................................................... **73**
Pangunahing kaisipan
**Day 18: Lesson 18** .................................................................................................... **77**
Sumusuportang kaisipan

## Day 1, Lesson Plan 1

## Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita

**Key Idea**

- Mga Magagalang na Pananalita sa Pagtatanong ng Lokasyon ng Lugar


**Most Essential Learning Competencies**

- Nakakikilala ng ibat' ibang magagalang na pananalita
- Nakagagamit ng angkop na magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon
- Nakapagpapakita ng magagalang na pananalita at kilos sa lahat ng pagkakataon

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Sabihin: Gamit ang *emoticon* sa *Facebook*, sabihin ang iyong nararamdaman sa oras na ito. Magtatawag ako ng batang magbabahagi ng kanyang damdamin at magkukuwento ng kanyang karanasan.



Itanong: Ano-ano ang iba't ibang damdamin o emosyon ng tao?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Sabihin: Gumagamit ka ba ng mga salita na nagpapakita ng paggalang? Bakit mo ito kailangang gamitin sa pakikipag-usap sa iba? Sa araling ito ay malalaman mo ang wastong paggamit ng magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.


**Game: Pagbuo ng Puzzle**


Tanong: Nakagawa ka na ba ng isang puzzle? Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito? Ngayon, bubuo tayo ng puzzle.

- Ihanda ang larawan ng puzzle at ipangkat ang klase sa dalawa o tatlo.
- Tanong:

  Anong larawan ang inyong nabuo?

  Ilarawan ang nabuong sasakyan.





Itanong: Nakasakay na ba kayo ng dyip o *tricyle*? Saan kayo pumunta sakay ng *tricyle* o dyipp? Maaari ba ninyong ikuwento ang inyong karanasan noong sumakay kayo ng *tricycle* o dyip patungo sa isang lugar? Magtatawag ako ng isang batang magbabahagi ng kanyang karanasan.

- Naranasan na ba ninyong magtanong sa isang tao upang malaman ang iyong pupuntahang lugar?
- Kanino kayo nagtanong? Ano ang inyong tinanong sa kanya? Bakit kayo nagtanong sa kanya?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***


Time: 25 mins.

**4A. Pakikinig sa Kuwento "Nawawala si Kiko"**

- Sabihin: Kanina ay bumuo tayo ng puzzle ng mga larawan ng dyip at *tricycle*. Ngayon naman ay may babasahin akong kuwento. Ang pamagat ng kuwentong ating babasahin ay "Nawawala si Kiko."
- Itanong sa mga bata: Saan kaya pumunta sa Kiko? Bakit kaya siya nawawala?
- Pagbasa ng kuwento.

Isang araw, namasyal ang pamilya ni Kiko. Sumakay sila ng dyip papuntang bayan.

*Tanong: Saan pumunta ang pamilya ni Kiko? Ano ang ginawa nila Kiko at ng kanyang pamilya sa bayan*?



"Huwag kayong lalayo sa amin. Sa loob ng tatlumpung minuto ay darating na ang tren," paalala ng kanyang ina.

"**Opo**, Nanay," sagot nilang magkapatid.

*Tanong: Ano ang paalala ng nanay ni Kiko? Sa tingin ninyo, susundin kaya ni Kiko ang paalala ng kanyang ina?*




Ngunit masyadong natuwa si Kiko sa pagmamasid sa paligid kaya naman hindi niya napansin na napalayo na siya sa kanyang mga magulang.

"Hala! Nasaan na sila?" bulalas ni Kiko.


*Tanong: Ano ang nangyari kay Kiko? Ano kaya ang kanyang gagawin? Mahahanap kaya niya ang kanyang mga magulang?*



Nakita niya ang isang babaeng nakatayo malapit sa kanya. Naisip niyang magtanong dito.

“**<u>Paumanhin po. Maaari po bang magtanong</u>**?”

*Tanong: Sino ang nakita ni Kiko? Ano kaya ang itatanong ni Kiko sa kanya?*




“Oo naman,” sagot ng babae.

“**<u>Alam po ba ninyo kung nasaan ang istasyon ng tren</u>**?” tanong ni Kiko.

“Naku, hindi. Pasensiya ka na.”

“Ayos lang po. **<u>Maraming salamat po</u>**!”

*Tanong: Alam ba ng babae kung nasaan ang istasyon ng tren? Ano kaya ang gagawin ni Kiko?*



Nakita niya ang isang lalaki sa hindi kalayuan.

“**<u>Mawalang galang na po, maaari po bang magtanong</u>**?” sabi ni Kiko.

“Ano iyon?” sabi naman nito.

“**<u>Maaari po</u>** bang malaman kung paano makakapunta sa istasyon ng tren?”

“Naku may malapit na pulis doon. Sa kanya ka magtanong.”

“**<u>Salamat po</u>**!”

*Tanong: Ano ang sinabi ng lalaki kay Kiko? Ano kaya ang susunod na gagawin ni Kiko?*



“**Mawalang-galang na po, maaari po bang magtanong**?”

“Oo naman. Ano ang maipaglilingkod ko?” sagot ng pulis.

“**<u>Puwede ko po bang malaman</u>** kung paano makakarating sa istasyon ng tren? Nawawala po kasi ako,” sagot ni Kiko.

“Malapit lang iyon dito. Pagdating mo sa kanto, liliko ka sa kanan. Halika, samahan na kita.”

“Naku, **<u>maraming salamat po</u>**!”

Nagtungo sila sa istasyon ng tren. Nakahinga nang maluwag si Kiko.

*Tanong: Sino ang tumulong kay Kiko upang makarating sila sa istasyon ng tren? Ano ang pakiramdam ni Kiko ng nagtungo sila sa istasyon ng tren?*




Nakita nila ang mga magulang ni Kiko na naghihintay sa tren.

"Saan ka nagpunta? Alalang-alala kami sa iyo!"

"Patawad po, 'Nay, 'Tay. Hindi na po mauulit," sabi ni Kiko. Napag-isip isip niya na sa susunod, makikinig na siya sa bilin ng kanyang mga magulang.

*Tanong: Paano nakita ni Kiko ang kanyang mga magulang? Ano ang pakiramdam ng mga magulang nang makita si Kiko? Ano ang natutuhang aral ni Kiko?*



- Pansinin ang mga nasalungguhitang salita. Ano ang tawag sa mga ito? Ito ay mga **magagalang na salita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar**.

- Gumagamit tayo ng magagalang na pananalita upang ipakita ang kabutihang-asal. Gumagamit tayo ng **po** at **opo** sa pakikipag-usap at paggalang sa mas nakatatanda.


- May ginagamit tayo na magalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar tulad ng palengke, simbahan, ospital, at paaralan.

- Mga halimbawa ng magagalang na pananalita:
  - ✔ *Maaari po bang magtanong?*
  - ✔ *Puwede po ba…?*
  - ✔ *Mawalang-galang na po…*
  - ✔ *Pasensiya na po / Paumanhin.*
  - ✔ *Salamat po.*

- Mga halimbawa ng magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar:
  *1. Saan po nakatira si Aling Gina?*
  *2. Papaano po pumunta sa simbahan?*
  *3. Saan po banda ang bahay ni Mang Jose?*

**4B Game: Thumbs Up o Thumbs Down**


Ipapakangkat ang mga bata sa dalawa o tatlo.

Sabihin: Magpapakita ako ng mga salita. Itaas ang *thumbs up*  na nakaguhit sa papel kung ito ay nagpapahayag ng paggalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon. Itaas naman ang *thumbs down*  kung hindi ito nagpapahayag ng paggalang na pananalita.

1. *Saan po ang daan papunta sa bahay ni Ginang Perez?*
2. *Tuloy po kayo sa aming tahanan.*
3. *Maaari ko po bang malaman kung paano makakarating sa istasyon ng tren?*
4. *Pasensiya na po kayo sa nangyari.*
5. *Mawalang- galang na po, maaari po bang malaman kung saan ang terminal ng bus?*

**4C. Pagbuo ng Diyalogo**

- Sabihin: Upang lalo nating matutuhan ang mga magagalang na pananalita ay magkakaroon tayo ng gawain kung saan gagamit kayo ng mga magagalang na pananalita batay sa sitwasyon.
- Magtatawag ako ng dalawang bata sa harapan upang mag-usap gamit ang mga magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.




**Bahagi 5:** ***Lesson Conclusion***

Time: 5 mins.

- Pagtatapos ng aralin:

  Dito nagtatapos ang ating aralin. Tandaan, isa sa mga magandang katangian nating mga Pilipino ay ang pagiging magalang. Kaya naman, ugaliin ang paggamit ng mga magagalang na pananalita. Sa susunod na aralin ay gagamitin na ninyo ang mga magagalang na salita sa pagtatanong ng lugar.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 1, Lesson Plan 2**

## Paggamit ng mga Magagalang na Pananalita

**Key Idea**

- Mga Magagalang na Pananalita sa Pagtatanong ng Lokasyon ng Lugar

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakagagamit ng angkop na magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon
- Nakapagpapakita ng magagalang na pananalita at kilos sa lahat ng pagkakataon

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: Pumalakpak ng isang beses kung ang sasabihin ko ay magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar at tatayo naman kung hindi.
- Magbanggit ng mga magagalang na salitang ginagamit sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.
  *1. Saan po ba rito ang papuntang SM?*
  *2. Saan ang SM dito?*
  *3. Maaari ko po bang malaman kung paano makapupunta sa SM?*
  *4. Ituro mo sa akin ang papuntang SM.*
  *5. Alam po ba ninyo kung nasaan ang SM?*

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sabihin: Pagkatapos mong malaman ang mga magagalang na salitang ginagamit sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar, sa araw na ito ay makagagamit ka ng angkop na magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.


**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Kilalanin Mo**

- Sabihin: Sa pagpapatuloy ng aralin ay ipapangkat ko kayo sa tatlong grupo. Subukan na kilalanin ang mga taong mabubuo sa *puzzle*. Ang grupong may pinakamaraming puntos ang panalo. (Larawan ng pulis, tindera sa palengke, dyanitor, *security guard*, dyipni drayber)








- Ano ang maaari mong itanong sa pulis kung hinahanap mo ang daan papuntang munisipyo? Ano naman kaya ang sasabihin ng pulis sa iyo? Bumuo kayo ng tanong

gamit ang mga magagalang na pananalita at sagot ng pulis sa tanong. Isulat ito sa *dialog box* sa ibaba sa patnubay ng guro.



- Ano ang iyong ginamit na magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng munisipyo?
- Paano ka tinulungan ng pulis?
- Ano ang iyong sasabihin kung tinulungan ka ng pulis?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Magtanong Ka**


- Magtatanong ang isang bata sa kanyang kaklase.
- Bubunutin ng guro ang pangalan ng batang magtatanong ng lokasyon ng lugar at ng batang magbibigay ng sagot. Siguraduhing gumamit ng magalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.
- Pupunta sa harapan ang dalawang bata at isasagawa ang gawain.
- Halimbawa: Magtatanong kung saan ang palengke.
  *Mag-aaral 1: Maaari po bang malaman kung saan po banda ang palengke?*
  *Mag-aaral 2: Makikita mo po ang palengke sa likod ng munisipyo.*

- Sabihin: Pagkatapos maisagawa ang gawain, tatawag ulit ako ng dalawang bata upang isagawa ang gawain.
  **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang pangalan ng tao o lugar na kilala ng mga mag-aaral.

**4B. Ano ang Sasabihin Mo?**

- Sabihin: Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Bumuo ng isang simpleng usapan na nagpapakita ng pagtatanong ng direksiyon o lokasyon ng isang lugar gamit ang magalang na pananalita. Isulat sa *speech balloon* ang iyong sasabihin gamit ang isang magalang na pananalita sa pagtatanong sa lokasyon ng lugar.

- Sitwasyon 1:Hinahanap mo ang sakayan ngtricycle. Nakasalubong mo ang iyongnakatatandang pinsan. Anong magalang na pananalita ang sasabihin mo sa kanya?



- Sitwasyon 2: Hinahanap mo ang parke upang maglaro kayo ng iyong mga kaibigan. Dahil bago ka lamang sa inyong lugar ay hindi mo alam kung nasaan ang parke. Nakita mo ang tagalinis ng inyong barangay. Anong magalang na pananalita ang iyong gagamitin sa pagtatanong ng lokasyon ng parke?



- Pagkatapos maisulat ang usapan na nagpapakita ng pagtatanong ng direksiyon o lokasyon ng isang lugar gamit ang magalang na pananalita sa *speech balloon* ay magtatawag ako ng dalawang bata upang isagawa ang usapan sa harapan ng klase.

- Magpapakita ng usapan ang mga mag-aaral gamit ang mga magagalang na pananalita sa paghahanap ng lokasyon ng lugar.

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

- Kulayan ng **berde** ang mga magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar at **pula** naman kung hindi.

Kuya, saan po makikita ang tindahan ni Aleng Nina?

Maaari po bang hiramin ang iyong laruan?

Maaari po bang malaman kung saan ang bahay ng aming guro na si Ginang Alma Reyes?

Paano po pumunta sa simbahan?

Saan po banda ang barangay hall?

Makikiraan po, kukunin ko lang po ang libro.

- Basahin ang mga magagalang na pananalita sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar.
- Maliban sa mga nakulayan ninyong magagalang na pananalita, ano-ano pa ang mga ginagamit natin sa pagtatanong ng lokasyon ng lugar? Sabihin ang mga ito.
- Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas gumaling kayo sa pagbabasa.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

**Day 2, Lesson 3**

**Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento**

**Key Idea**

Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang maikling kuwento
- Natutukoy ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid ng binasang maikling kuwento
- Nasasabi ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kuwento o alamat

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: "Kumusta mga bata? Bilang panimula sa ating aralin, sagutan natin ang unang gawain."

**Gawain 1:** ***Jumbled Letters***
**Panuto:** Isaayos ang mga letra upang mabuo ang salitang nais tukuyin ng mga pangungusap.

S A H E M E N

-Ito ay ang aral na mapupulot mula sa binasang teksto o talata.

A S K A P

-Ito ang pinag-uusapan sa isang teksto o talata.

T A M A L A

-Ito ay nagsasalaysay tungkol sa pinagmulan ng isang bagay o lugar.

- Magpakita ng larawan ng isang uwak na umiinom ng tubig mula sa pitsel.
- Sabihin: "Ano ang nakikita ninyo sa larawan? Alam ninyo ba ang kuwento ng uhaw na uwak?"

(Kung hindi alam ng mga bata ang kuwento, sabihin: Ang uwak na ito ay nakaramdam ng matinding uhaw matapos ang matagal na paglipad at paghahanap ng tubig. Sa kasamaang palad ay wala siyang natagpuan maliban sa isang pitsel na may kakaunting laman. Hindi niya maabot ang tubig na nasa loob ng pitsel kaya nilagyan niyo ito ng maraming bato hanggang sa tumaas ang tubig, at siya ay nakainom.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang paksa ng larawan?
2. Ano ang mensaheng nais nitong ipabatid?

**Mga Inaasahang Sagot:**

1. Ito ay tungkol sa uhaw na uwak na naghahanap ng maiinom na tubig.
   Ito ay tungkol sa matalinong uwak.

2. Huwag basta sumuko.

   Maging mapamaraan upang makamit ang nais/kailangan.

(Paalala sa Guro: Maaaring ikuwento o ipapanood ang maikling *video* ng "*The Thirsty Crow*" sa mga mag-aaral.)

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutukoy at masasabi ninyo ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa alamat.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Sabihin: "Sa araw na ito ay magbabasa tayo ng isang alamat at pagkatapos ay ating aalamin ang paksa at mensahe na nais nitong ipabatid.
- Upang mas madali nating maunawaan ang aralin, alamin muna natin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita o parirala."

**Gawain 2:** Sa tulong ng mga pahiwatig, ibigay ang kahulugan ng mga salita o pariralang may salungguhit. Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Si Ben ay pinalaki ng kanyang lolo at lola. Siya ay nag-iisang apo kaya't siya ay lumaki sa layaw. Wala siyang ninais na hindi nila ibinigay.
2. Pinagsabihan ng kanyang nanay si Jenny sapagkat siya ay madalas magpalipas ng gutom. Hindi siya kumakain sa tamang oras, at madalas ay inuuna niyang tapusin ang kanyang mga gawain.

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Alamat (5 minutes)**

- Basahin nang malakas ang alamat.

**Ang Alamat ng Pinya**

Noong unang panahon, sa isang malayong pook, ay naninirahan ang mag-inang sina Aling Rosa at Pina. Mahal na mahal ni Aling Rosa ang kanyang kaisa-isang anak na si Pina. Hindi niya ito pinagagawa sa bahay upang hindi mapagod. Masaya siyang pinagsisilbihan ang anak at siya ang gumagawa ng lahat ng trabaho sa bahay. Lumaki sa layaw si Pina dahil na rin sa kagagawan ni Aling Rosa. Gustuhin man niyang turuan itong gumawa sa bahay at magbago ng ugali ay hindi na niya magawa. Ayaw nang baguhin ni Pina ang nakasanayan niyang masarap na buhay. Kaya naman kahit matanda na si Aling Rosa ay siya pa rin ang nagtatrabaho at gumagawa ng lahat ng gawain sa bahay.

Isang araw ay nagkasakit si Aling Rosa. Mahinang-mahina siya at ni hindi niya kayang bumangon sa higaan. Nakiusap siya sa anak na magluto ng pagkain upang hindi sila magutom.

Pumayag si Pina na magluto at gumawa ng iba pang gawain bagaman masama ang kanyang loob. Ngunit dahil hindi siya sanay magtrabaho, madalas siyang magkamali.

Nagtagal ang sakit ni Aling Rosa at kalaunan ay nagsawa si Pina sa paggawa at pagsunod sa utos ng ina. Madalas na silang magkagalit na mag-ina. Laging masama ang loob ni Pina habang gumagawa ng trabaho sa bahay.

Isang araw, habang naghahandang magluto si Pina ay hindi niya makita ang sandok. Hinanap niya ito nang mabuti sa bawat sulok ng kanilang bahay ngunit hindi niya pa rin ito makita. Nagreklamo na siya sa kanyang ina. Inutusan siya nito na bumaba ng bahay at doon hanapin ang sandok dahil baka nahulog ito sa lupa.

Nagkagalit na ang mag-ina dahil sa paghahanap ng nawawalang sandok. Hanggang sa nasambit ni Aling Rosa na sana'y tubuan ng maraming mata si Pina nang makita nito ang kaniyang hinahanap.

Lumipas ang ilang oras ngunit hindi pa rin umaakyat sa bahay si Pina. Lumipas na ang gutom ni Aling Rosa ay wala pa rin si Pina. Hanggang sa dumating na ang gabi ngunit hindi pa rin bumabalik si Pina. Labis na ang pag-aalala ni Aling Rosa. Nagtanong siya sa kanilang mga kapitbahay ngunit walang nakakita sa kanyang anak. Hinanap niya itong muli sa buong kabahayan at sa buong bakuran ngunit hindi na niya nakita si Pina.

Isang araw, may nakitang isang halaman si Aling Rosa na tumubo sa isang sulok ng kanilang bakuran. Ang bunga nito ay tulad ng isang ulo na may maraming mata. Naalala ni Aling Rosa ang sinabi niya sa kanyang anak na sana'y tubuan ito ng maraming mata nang makita nito ang kanyang hinahanap. Napaiyak si Aling Rosa. Naisip niya na ang halamang tumubo sa kanilang bakuran ay ang kanyang anak na si Pina.

Inalagaan niya ang halaman at simula noon ay tinawag niya itong Pinya.

**4B. Mga Tanong (8 minutes)**

- Sabihin: "Upang higit nating maunawaan ang ating binasa, sagutin natin ang mga sumusunod na tanong."

**Gawain 3:**

**Panuto:** Basahin at sagutin ang sumusunod na tanong hinggil sa binasang alamat. Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa "Alamat ng Pinya"?

2. Paano pinalaki ng kanyang nanay si Pina?

3. Ano ang damdamin ni Pina habang siya ay gumagawa ng mga gawaing bahay?

4. Bakit inutusan ni Aling Rosa na gumawa ng gawaing bahay si Pina?

**Mga Mungkahing Sagot:**

1. Ang mga tauhan sa kuwento ay sina Pina at Aling Rosa.
2. Pinalaki siyang nasusunod ang kanyang gusto at hindi tumutulong sa gawaing bahay.
3. Masama ang kanyang loob habang gumagawa.
4. Sapagkat siya ay nagkasakit at hindi niya kayang magtrabaho.

**4C. Mga Tanong/Gawain (12 minutes)**

- Itanong ang mga sumusunod:
  1. Sang-ayon ka ba sa ginawang pagpapalaki ni Aling Rosa sa kanyang anak? Bakit?
  2. Ano ang maipapayo mo kay Aling Rosa?
  3. Ano naman ang maipapayo mo kay Pina?
  4. Ano ang paksa ng alamat?
  5. Ano ang mensahe ng alamat?

**Mga Inaasahang Sagot:**

1. Hindi, sapagkat si Pina ay lumaking tamad at walang alam sa gawaing bahay.

Hindi, sapagkat pinalaki niya sa layaw si Pina kaya hindi ito natuto ng mga gawaing bahay.

Hindi, sapagkat si Pina ay masyadong naging palaasa sa magulang at hindi kinakitaan ng pagkukusa at malasakit.

2. Hindi niya dapat pinalaki sa layaw si Pina.

Dapat niyang turuan ng mga gawaing bahay ang kanyang anak upang hindi ito mahirapan kapag kailangan niyang magtrabaho.

Huwag magbibitiw ng salita nang hindi pinag-iisipan lalo kung ito ay hindi mabuti.

Ang pag-uutos sa anak na gumawa ng gawaing bahay ay hindi nangangahulugan ng pagpapahirap sa kanila, bagkus ito ay isang paraan upang sila ay matuto.

3. Huwag maging tamad at palaasa sa magulang.

Gamitin ang mata sa paghahanap ng mga bagay.

Magkusang matuto ng mga gawaing bahay.

Magkaroon ng malasakit sa magulang.

4. Tungkol sa isang batang nagngangalang Pina na pinalaki sa layaw ng kanyang ina kung kaya't siya ay lumaking tamad at palaging nakaasa sa kanyang nanay.

5. Mahalagang turuan ng gawaing bahay ang mga bata upang sa darating na panahon ay hindi sila mahirapan at hindi sila lumaking tamad.

Huwag iasa sa magulang ang lahat ng mga gawain sa bahay.

- Pasagutan sa mga bata ang sumusunod na gawain.

**Gawain 4:**

**Panuto:** Basahin ang buod ng mga sumusunod na alamat. Pagkatapos ay tukuyin ang paksa at mensaheng ipinababatid nito. Isulat ang sagot sa inyong papel.

**1. Ang Alamat ng Bayabas**

Si Haring Barabas ay isang sakim at mapagmataas na hari. Nang magkaroon ng matinding taghirap sa kanyang kaharian, inutusan niya ang lahat na magtipid. Ngunit siya ay hindi sumusunod sa kanyang utos at panay ang pagwawaldas. Parang piyesta kung magpaluto siya ng pagkain, ngunit hindi siya namimigay sa kanyang mga alipin at sa mga taumbayan. Nang minsang may matandang pulubi na nanghingi sa kanya ng

pagkain ay ipinagtabuyan niya ito. Nagalit ang matanda at siya ay binigyan ng leksiyon. Si Haring Barabas ay nagbago ng anyo at naging bayabas.

Paksa:____________________________________________________________

Mensahe:________________________________________________________

**2. Ang Alamat ng Lansones**

Sa isang bayan sa Laguna ay matatagpuan ang isang puno na pinaniniwalaang may lason ang mga bunga. Nasaksihan nila nang kumain ng bunga ang isang matanda. Nangisay ito at bumula ang bibig. Nang sumapit ang matinding tagtuyot sa lugar, namatay ang kanilang mga pananim at tanging ang puno lamang na may lasong bunga ang natira. Isang araw ay may mahiwagang babae na dumating at nanlilimos ng pagkain. Binigyan ito ng bata ng kapiranggot na pagkain at nagsabing pagpasensiyahan na lamang niya ito sapagkat iyon lamang ang mayroon siya. Natuwa ang babae at matapos nitong kainin ang pagkain ay pumitas ito ng lasong bunga ng puno. Kinain niya ito ngunit walang anumang nangyari sa kanya. Pagkatapos ay binigyan niya ng bunga ang bata. Naniniwala silang tinanggal ng mahiwagang babae ang lason sa mga bunga. At mula noon ang lason na bunga ay tinawag na lansones.

Paksa: ___________________________________________________________

Mensahe:________________________________________________________

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Itanong: Maliban sa mga alamat na ating binasa, ano pang mga alamat ang iyong nalalaman? Ano ang mensahe at paksa ng mga ito?

**Pamagat ng Alamat:** _________________________________________________

**Mensahe:** _________________________________________________________

___________________________________________________________________

**Paksa o Tema:**______________________________________________________

__________________________________________________________________

- Sabihin: Mahalagang maunawaan natin ang paksa at mensahe ng ating binabasa sapagkat ito ay kapupulutan natin ng mahahalagang aral. Ang alamat ay isa lamang sa mga babasahin na ito. Maaari din tayong magbasa ng maikling kuwento upang higit tayong matuto.

## Day 2, Lesson 4

## Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento

**Key Idea**

- Mensahe, paksa o tema ng maikling kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang maikling kuwento
- Natutukoy ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kuwento
- Nasasabi ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kuwento o alamat

---

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: Ano ang kahulugan ng paksa at mensahe ng binasa? Tingnan ang mga sumusunod na islogan/babala. Ano ang mensaheng isinasaad ng bawat isa?

1. "Tapat Mo, Linis Mo!"
2. "Bawal tumawid, nakamamatay!"
3. "Ingatan ang Kalusugan upang Sakit ay Maiwasan"

---

**Paalala sa Guro:** Hikayatin ang mga batang magbigay ng kanilang sariling islogan at pagkatapos ay ipatukoy sa klase ang mensahe at paksa nito.

---

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito ay matutukoy at masasabi ninyo ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa maikling kuwento.

---

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Sabihin: Sa nakaraang aralin ay tinalakay natin ang mensahe at paksa ng alamat na ating binasa. Ngayon naman ay aalamin natin ang mensahe at paksa ng maikling kuwento na ating babasahin. Ano nga ba ang maikling kuwento?

**Inaasahang Sagot:**

-Ang maikling ay isang anyo ng panitikan na nagsasalaysay o nagkukuwento ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.

**Gawain 1:** ***Fill in the Trivia***

- Sabihin: Upang mas madali nating maunawaan ang nilalaman ng kuwentong babasahin natin, alamin muna natin ang kahulugan ng ilang mga salita at pariralang ginamit sa kuwento. Punan ng tamang sagot mula sa loob ng kahon ang puwang upang mabuo ang kaisipang isinasaad ng *trivia*.

| | | |
|---|---|---|
| pinagbiyak na bunga | asal | nangangamba |
| namalayan | anyo | |

***Trivia:***

1. Alam mo ba na ang dalawang taong magkamukhang-magkamukha ay sinasabing tila ______________________________?
2. Alam mo ba na ang salitang ________________ ay nangangahulugan din na napansin?
3. Alam mo ba na bagaman minsan ay magkatulad ang ____________ ng kambal, sila pa din ay magkaiba ng katangian?
4. Alam mo ba na ang taong may mabuting _____________ ay kinalulugdan?
5. Alam mo ba na ang salitang __________________ ay kasingkahulugan ng salitang nag-aalala?

(Paalala sa Guro: Upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga salita/parirala, hikayatin silang gamitin ang mga ito sa pangungusap.)

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Gawain: Pagbasa ng Maikling Kuwento (5 minutes)**

- Sabihin: Ang babasahin natin ngayon ay isang maikling kuwento na may pamagat na "Magkatulad Ngunit Magkaiba".

(Basahin nang malakas ang maikling kuwento.)

**Magkatulad Ngunit Magkaiba**

R-r-innggg! R-ringg! Ang malakas na tunog ng alarm clock ang gumising sa magkapatid na sina Ana at Bella. Dali-daling gumising si Ana upang maghanda na sa pagpasok sa paaralan. Samantala, tila walang narinig na nagpatuloy sa pagtulog si Bella.

Maya-maya pa ay pumasok sa kuwarto ang kanilang nanay na si Aling Lina upang gisingin si Bella. Nagmamaktol na bumangon si Bella, at saka padabog na nagtungo sa banyo upang maligo. Napapailing na lamang si Aling Lina matapos pagsabihan ang anak.

Sina Ana at Bella ay mga mag-aaral ng Ikalawang Baitang sa D. Tuazon Elementary School. Sila ay kambal at tila pinagbiyak na bunga. Ngunit sa kabila ng pagkakatulad ng kanilang anyo, magkaibang-iba ang kanilang ugali. Si Ana ay mabait, magalang, at palakaibigan, samantalang si Bella ay mataray, masungit, at hindi marunong makisama.

Pagdating sa paaralan ay sinalubong ang kambal ng kanilang mga kaklase. Parang walang nakita na nilagpasan ni Bella ang mga ito at nagtungo sa kanyang upuan. Hindi siya interesado sa sasabihin ng mga ito at ayaw niyang mag-aksaya ng oras sa pakikipagkuwentuhan.

Nahihiyang humingi ng paumanhin si Ana sa inasal ng kanyang kakambal. Nagkibit-balikat na lamang ang kanilang mga kaklase at hindi na pinansin pa ang inasal ni Bella. Madalas maganap ang ganitong klase ng eksena kaya hindi na ito dinadamdam ng kanilang mga kaklase.

Pagsapit ng bakasyon ay sabay na nagkasakit ang kambal. Nang mabalitaan ito ng kanilang mga kamag-aral, nagpadala ang mga ito ng mga sulat, prutas, at bulaklak. Nang tiningnan ni Bella ang mga ito, napansin niyang para lahat ito kay Ana. Nakaramdam siya nang di-maipaliwanag na

lungkot. Inisip na lamang niya na marahil ay hindi alam ng kanilang mga kamag-aral na siya man ay maysakit din.

Kasabay ng pagtatapos ng isang linggong bakasyon ay ang paggaling ng kambal. Nang pumasok sila sa paaralan ay agad na sinalubong at kinumusta ng mga bata si Ana. Tinanong nila kung tunay nga ba na siya ay magaling na.  Tinanong din nila kung natanggap niya ang kanilang mga regalo, at kung nagustuhan ba niya ang mga ito.

Wala ni isa man sa kanila ang nakapansin kay Bella na tahimik na nagtungo sa kanyang upuan. Malungkot siyang umupo, at nakayuko ang ulo habang pinapakinggan ang pag-uusap ng kaniyang kambal at mga kaklase. Hindi niya namalayang tumulo ang kanyang mga luha. Naisip niya na totoong may malasakit at mahal ng kanilang mga kaklase si Ana. Naisip niya na ito ay dahil gano’n din si Ana sa mga ito.

Maya-maya pa ay narinig niya ang tinig ng isa sa kanyang mga kamag-aral. Tinanong siya nito kung maayos na ba ang kanyang pakiramdam. Saka lamang niya napansin na nakatayo pala ang mga ito sa kanyang tabi. Saad ng kanyang mga kaklase ay nangangamba sila na baka ayaw niyang makipag-usap kaya hindi agad siya nilapitan at kinumusta ng mga ito.

Nahihiyang humingi ng paumanhin si Bella sa mga naging pagtrato niya sa mga kamag-aral. Batid na niya ngayon na hindi tama ang kanyang mga inasal. Nagpasalamat din siya sapagkat nananatiling mabuti ang pakikitungo ng mga ito sa kanya sa kabila ng hindi magandang ipinakita niya.

Simula noon ay nagsikap magbago ang batang si Bella upang maging mabuting bata, anak, kaibigan, at kamag-aral.

**4B. Gawain:**

- Sabihin: Naunawaan ba ninyo ang kuwento?

**Gawain 2**: Isagawa ang sumusunod na gawain.

1. Tukuyin ang elemento ng kuwentong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa talahanayan.

| Tauhan | Tagpuan | Mga Pangyayari |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

2. Paghambingin ang  katangian ng kambal na sina Ana at Bella.

| Ana | Bella |
|---|---|
| | |

3. Ilarawan ang pakikitungo nina Ana at Bella sa kanilang mga kamag-aral.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

**4C. Mga Tanong/Gawain (15 minutes)**

**Gawain 3:** Sagutin ang mga tanong kaugnay ng paksa at mensahe ng maikling kuwentong "Magkatulad Ngunit Magkaiba". Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Ano ang paksa ng maikling kuwento na ating binasa?
2. Ano ang mensahe na nais nitong iparating?

**Mga Inaasahang / Mungkahing Sagot:**

1. Ang paksa ng maikling kuwento ay tungkol sa malaking kaibahan ng kambal na sina Ana at Bella sa kabila ng kanilang pagkakatulad ng anyo.
2. Ang mensahe ng maikling kuwento ay:
   -Maging mabuti ka sa iyong kapwa upang maging mabuti din sila sa iyo.
   - Dapat tayong matutong makisama o makipagkapuwa-tao.
   -Ang batang mabait ay kinalulugdan.
   -Matutong tumanggap ng pagkakamali at humingi ng tawad.

   (Hatiin sa dalawang pangkat ang klase, at ipagawa ang Gawain 4)

- Sabihin: Marunong ba kayong umarte? Ang susunod nating gawain ay may kinalaman sa inyong kakayahan sa pag-arte. Inyong isasadula ang maikling kuwento na nasa inyong *worksheet*. Pagkatapos nito ay ipapaalam ninyo sa amin ang mensahe at paksa o tema ng maikling kuwento na inyong isinadula. Ang unang pangkat ang magbibigay ng paksa at ang ikalawang pangkat naman ang magbibigay ng mensahe ng maikling kuwento.

**Gawain 4: *Set Camera, Action!***

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento! Kasama ng inyong pangkat, isadula ito sa harap ng klase. Sabihin din ang paksa o mensahe na nais ipaalam ng maikling kuwento.

Lumaki sa kahirapan si Ben. Ngunit sa kabila nito ay nagsikap siyang makapagtapos ng kanyang pag-aaral. Pumasok siya sa ibat ibang *part time job* katulad ng pagiging *crew* sa *fast food*, *restaurant*, paghahatid ng mga padala, at iba pa. Hindi siya sumuko kahit na may mga pagkakataong nakadarama siya ng pagod. Hanggang sa wakas ay nagbunga din ang kanyang pagsisikap. Siya ay nakapagtapos at tumanggap pa ng karangalan. Sa kasalukuyan ay isa na siyang guro at nagtuturo sa mga mag-aaral na tulad niya ay may pangarap at pursigidong makatapos.

***Unang Pangkat:***

Paksa: ____________________________________________________________

***Ikalawang Pangkat:***

Mensahe:__________________________________________________________

(Paalala sa Guro: Ang sinusukat dito ay ang kakayahan ng mga mag-aaral na tukuyin at ibigay ang mensahe at paksa ng maikling kuwento. Samakatuwid, maaari ding magsadula ang mga bata ng ibang maikling kuwento na kanila nang nabasa, napanood, at nagustuhan. Maaari ring magpanood sa kanila ng isang maikling kuwento.)

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: "Paano ninyo natukoy ang mensahe at paksa ng maikling kuwento?"

**Gawain 5:** Sa inyong papel, sumulat ng isang maikling kuwento na may lima (5) hanggang sampung (10) pangungusap. Ang paksa nito ay tungkol sa ***"Kabutihang Dulot ng Pagbabalik ng Face-to-Face Classes sa mga Paaralan sa Bansa".***

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

# Day 3, Lesson Plan 5

### Naibibigay ang susunod na mangyayari sa pabula

**Key Idea:**
Naibibigay ang susunod na mangyayari sa pabula.

**Most Essential Learning Competencies**
Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.
Nagagamit ang mga pang-ugnay na salita tulad ng una, upang mailahad nang may pagkakasunod-sunod ang nabasang kuwento.


**Bahagi 1**: Lesson Short Review

**Oras**: 7 mins.

**Pagmasdan ang larawan.**

Ayusin ang mga larawan upang makabuo ng isang maikling kuwento.


Isulat ang bilang 1-6 sa loob ng bilog.




(Pangkatin muli ang mga bata para sa pagsasadula)
Sa tulong ng mga larawan, muling isalaysay sa paraang pagsasadula

**Bahagi 2**: Lesson Purpose/Intention

**Oras**: 3 mins.



Pagmasdan at sabihin ang puna ukol sa larawan

Itanong:Ano sa palagay ninyo ang sinasabi nila sa isa't isa?

Sabihin: Sa araling ito ay nasasabi kung ano ang damdaming nararamdaman ni Langgam kay Tipaklong, gayundin si Tipaklong kay Langgam.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Oras: 5 mins.

Game: Word Search o Hanap-salita

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | J | G | I | A | R | A | W |
| G | A | G | M | O | T | U | G |
| M | A | F | P | G | Q | U | I |
| T | T | T | O | H | L | X | E |
| D | I | S | K | A | R | T | E |
| G | U | L | N | N | U | S | B |
| B | M | A | G | G | N | A | L |
| O | R | A | L | G | A | M | Z |

| | | |
|---|---|---|
| araw | ulan | gutom |
| busog | Langgam | impok |
| Tipaklong | maglaro | diskarte |

**PANUTO**: Hanapin sa puzzle ang mga salitang nasa loob ng kahon.

**Bahagi 4**: Lesson Activity

**Oras**: 25 mins.

**4A. Pangkatan**

Pangkatin ang mga mag-aaral sa 2 pangkat.
Pangkat 1: Langgam
Pangkat 2: Kuneho

**Dula-Dulaan:**

Babasahin natin nang padula ang kuwento nina Langgam at Tipaklong.

**Si Langgam At Tipaklong**

Maganda ang panahon. Mainit ang sikat ng araw. Maaga pa lamang ay gising na si Langgam Nagluto siya at kumain. Ilang sandali pa, lumakad na siya. Gaya ng dati, naghanap siya ng pagkain. Isang butil ng bigas ang nakita niya. Pinasan niya ito at dinala sa kanyang bahay. Nakita siya ni Tipaklong.

**Tipaklong**: Magandang umaga kaibigang Langgam. Kay bigat ng iyong dala. Bakit ba wala ka nang ginawa kundi maghanap at mag-ipon ng pagkain?

**Langgam:** Oo nga, nag-iipon ako ng pagkain habang Maganda ang panahon.

**Tipaklong:** Tumulad ka sa akin, kaibigang Langgam. Habang Maganda ang panahon, tayo ay magsaya. Halika, tayo ay lumukso. Tayo ay kumanta.

**Langgam:** Ikaw na lang kaibigang Tipaklong. Gaya ng sinabi ko sa iyo, habang Maganda ang panahon ako ay naghahanap ng pagkain. Ito'y aking iipunin para ako ay may makain pag sumama ang panahon.

Lumipas pa ang maraming araw, dumating na ang tag-ulan. Ulan sa umaga, ulan sa hapon, at sa gabi umuulan pa rin. At dumating ang panahong kumidlat, kumulog, at lumakas ang hangin kasabay ang pagbuhos ng malakas na ulan. Ginaw na ginaw at gutom na gutom ang kaawa-awang Tipaklong. Naalala niyang puntahan ang kaibigang si Langgam. Paglipas ng bagyo, pinilit ni Tipaklong na marating ang bahay ni Langgam. Bahagya na siyang makalukso. Wala na ang dating sigla at masayahing si Tipaklong.

"Tok! Tok! Tok!"

Pinagbuksan ni Langgam at laking gulat niya sa kanyang nakita.

**Langgam:** Aba! Ang aking kaibigan. Tuloy ka Tipaklong.

Binigyan ni Langgam ng tuyong damit si Tipaklong. Mabilis na naghanda siya ng pagkain. Ilang sandali at magkasalong kumain ng mainit na pagkain ang magkaibigan.

**Tipaklong:** Salamat kaibigang Langgam. Ngayon ako naniniwala sa iyo. Kailangan nga palang mag-ipon habang Maganda ang panahon at nang may makain sa pagdating ng taggutom.

Mula noon, nagbago na si Tipaklong. Pagdating ng tag-init at habang maganda ang panahon ay kasama na siya ng kanyang kaibigang Langgam. Natuto na siyang gumawa at higit sa lahat natuto siyang mag-impok.


**ARAL:**

Mag-impok habang maganda ang sitwasyon upang maging handa sa anumang suliranin sa hinaharap.

https://www.scribd.com/document/443670795/Si-Langgam-At-Tipaklong

**4B. Pagtalakay**

- Gamit ang mga larawan, muling ikuwento ang mga pangyayari.
- Gamitin ang mga pang-ugnay na salita tulad ng una, pangalawa,o pagkatapos upang mailahad nang may pagkakasunod-sunod ang nabasang kuwento.



**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

**Oras:** 5 mins.


Sabihin kung anong aral ang natutuhan sa binasang pabula.

ARAL:

Mag-impok habang maganda ang sitwasyon upang maging handa sa anumang suliranin sa hinaharap.

Tanungin: Sa paanong paraan kayo makapagtitipid?

**Gawain 1:** Kulayan ang larawang nagpapakita ng pagkamatipid.



**Gawain 2:** Gumuhit ng masayang mukha ☺ kung ang pahayag ay tama at malungkot ☹ naman kung hindi.

____ Hayaang nakabukas ang refrigerator upang lumamig ang paligid.

____ Isara ang gripo kapag nagsasabon palamang ng kamay.

____ Hayaang nakabukas ang ilaw kahit walang gumagamit nito.

____ Gamitin ang pinagbanlawan sa pagdidilig o paglilinis sa sahig.

____ Maglaro sa shower habang naliligo.

## Day 3, Lesson Plan 6

## Pagbibigay ng Susunod na Mangyayari sa Pabula

### Key Idea
Pagbibigay ng susunod na mangyayari sa pabula

### Most Essential Learning Competencies
Naibibigay ang susunod na mangyayari sa kuwento batay sa tunay na pangyayari, pabula, tula, at tugma.

### Bahagi 1: Lesson Short Review
Oras: 7 mins.

### A. Balik-Aral
Sabihin: Napag-aralan natin noong nakaraan ang kuwento nina Langgam at Tipaklong. Ating balikan sa pamamagitan ng Dugtungan. Sisimulan ko ang kuwento at dudugtungan ninyo. (Istratehiyang Dugtungan)

Guro: Maaga pa lamang ay gising na si Langgam. Naghanda siya at umalis upang……

Sa susunod na dugtungan, maaring ang mga mag-aaral ang mag-umpisa at dudugtungan ng ibang kamag-aral.

### Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention
Oras: 3 mins.

Sa araling ito, ating tatalakayin ang pagbibigay ng tamang pagkakasunud-sunod ng pangyayari ayon sa napakinggan at napanood na maikling kuwento.


Malalaman din natin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting puso. Kung anong magandang maidudulot ng pagiging mabait o pagiging pasensiyoso.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Oras: 5 mins.

**Panuto**: Ayusin ang mga pantig sa bawat kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| a ma<br>pi pang | it ma<br>ba | a na i<br>ga la an | tu ma<br>ngin lu |

**Mga Sagot:** mapang-api, mabait, inaalagaan, matulungin
Gamitin sa pangungusap ang mga salita.
Pagmasdan ang larawang ito:




**Itanong:** Ano ang nais ipabatid nito sa atin?
Pag-usapan ang binigay na sagot ng mga mag-aaral.

## Bahagi 4: Lesson Activity

Oras: 25 mins.

### Gawain 4A

Bago tayo manuod, anu-ano ang mga dapat nating tandaan sa panunuod?

Sundin lamang natin ang mga patakaran sa tahimik na panonood.

Panoorin natin ito: *Ang mga Patatas at ang Bully na Talong | Mga* Kuwentong Pambata | Filipino Moral Story | Tagalog Film.

https://www.youtube.com/watch?v=RExiLbcsY_c

### Gawain 4B

Talakayan

1. Tungkol saan ang ating napanuod na kuwento?
2. Sinu-sino ang mga nagsiganap o tauhan sa kuwento?
3. Ano-ano ang mga katangian nila?
4. Sa kabila ng ginawa ni Talong sa kanila, ano ang iginanti nina Bill at Jill?
5. Ano ang iyong sariling opinyon sa ipinakita nina Bill at Jill kay Talong?
6. Anong pangyayari ang nakapagpabago sa ugali ni Talong?
7. Kung ikaw si Bill o Jill, gagawin mo rin ba ang ginawa nila? Bakit?

### Gawain 4C

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari tungkol sa napanood na kuwento. Lagyan ng bilang 1-6.

_____ Narinig nilang umiiyak si Talong.
_____ Ginamot nila ang nanay ni Talong.
_____ Lumabas at naglaro sina Bill at Jill.
_____ Inaway sila ni Talong at Okra.
_____ Mula noon ay naging mabait si Talong sa kanila.
_____ Sinabihan ni Talong ang iba pa niyang kasamahan na maging mabait na.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Oras: 5 mins

**Sabihin:** Ano ang naging aral ng kuwento sa inyo?
Hayaang magbigay ang mga mag-aaral ng kanilang sagot.
Sa pagkukuwento, mahalagang masabi natin ang mga totoong pangyayari sa pamamagitan ng pagkakasunud-sunod nito para sa mas malinaw at lubusang maunawaan natin ang kuwento.

**Gawain:**
Panuto: Ibigay ang maaring mangyari sa sitwasyong ito:

1. Inaway ni Talong sina Bill at Jill at gumanti sila kay Talong. Ano ang maaaring susunod na mangyayari?

   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________

2. Hindi tinulungan ng nanay nina Bill at Jill ang nanay ni Talong na maysakit.
   Ano ang susunod na mangyayari sa nanay ni Talong?

   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________

## Day 2, Lesson Plan 7

## Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.

### Key Idea

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar.

### Most Essential Learning Competencies


- Naisasalaysay ang binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan
- Nasasagot ang mga pamatnubay na tanong

### Bahagi 1: Lesson Short Review

Time: 7 mins.


**Sabihin:** "Noong nakaraang taon, natutunan natin ang tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan at pamatnubay na tanong".

Ipakita ang mga larawan na nasa ibaba. Sabihan ang mga mag-aaral na pagsunod-sunorin ang mga larawan sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1 hanggang 4 nang tamang paghahanda bago pumasok sa paaralan.



**Gawain:**

1. Ibahagi ang mga bagay na ginagawa bago pumasok sa paaralan.



Bago ako pumasok sa paaralan,
ang ginagawa ko ay
________________________________
________________________________
________________________________
____________________________.

2. Ibahagi sa buong klase ang bagay na ginagawa mo bago ka pumasok ng paaralan.

3. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong unang ginagawa.

Tumawag ng mag-aaral na gustong magbahagi ng kanyang ginagawa bago pumasok sa paaralan.

**Halimbawang Sagot:**

1. Bago ako pumasok sa paaralan, ang ginagawa ko ay kumakain.

2. Bago pumasok sa paaralan, ang ginagawa ko ay kumakain dahil kailangan ko ng enerhiya sap pag-aaral.

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention**

**Oras**: 3 mins.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang araling ito ay tungkol sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari gamit ang mga larawan at pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento.


**Bahagi 3: Lesson Language Practice**


**Time:** 5 mins.


Basahin nang sabay-sabay ang mga salitang nasa loob ng kahon.


Sabihan ang mga mag-aaral na hanapin ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na larawan.


- tinupi
- masustansiya
- tarangkahan
- kinawayan
- nakalaan











## Bahagi 4: Lesson Activity

**Time:** 25 mins.

### Gawain 4A

- Ipakita ang mga larawan habang binabasa ang kuwento sa mga mag-aaral.
- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral ang kuwento.
- Tanungin ang mga mag-aaral kung may hindi pamilyar na salita sa kuwento

**Ang Araw na Pinakahihintay**
(ni Ailene R. Impabido)

Napakaagang gumising ng magkapatid na Marko at Pilar sapagkat ito ang unang araw ng klase. Tinupi nila ang kanilang higaan. Pagkatapos ay kumain ng masustansyang almusal, nagsipilyo at naligo. Isinuot na ang uniporme, face mask, at bag. Maya-maya pa ay inihatid na sila ng kanilang magulang hanggang sa tarangkahan ng paaralan.

Bago pumasok ng tuluyan sa kani-kanilang silid-aralan ang magkapatid ay may alcohol dispenser, temperature scanner at kaunting paalala silang dinaanan upang masigurado ang kaligtasan ng bawat isa.

Sa loob ay kinawayan ang mga kaklase at tahimik na umupo sa nakalaang upuan at tahimik na hinintay ang pagsisimula ng klase.

### Gawain 4B

Itanong ang mga sumusunod:

1. Ano ang pamagat ng binasang kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Saan at kailan naganap ang kuwento?

Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong.

**Halimbawang Sagot:**

1. Ang pamagat ng binasang kuwento ay Ang araw na pinakihihintay.
2. Ang tauhan sa kuwento ay sina Marko at Pilar.
3. Ang kuwento ay naganap sa bahay at sa kanilang paaralan.

**Gawain 4C**

Itanong ang mga sumusunod:


4. Bakit maagang gumising si Marko at Pilar?
5. Ano ang araw na pinakahihintay nina Marko at Pilar?
5. Bakit kailangang maging malinis pagpasok sa paaralan?
6. Ano ang dahilan bakit kailangang dumaan sa temperature scanner ang mga bata?
7. Bakit sila tahimik na nakaupo na nag-aantay ng klase?
8. Ano ang mabuting aral na natutunan sa ating kuwento?

Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong

**Halimbawang Sagot:**

4. Maagang gumising ang magkapatid na Marko at Pilar dahil unang araw ng kanilang pasukan..
5. Ang araw na hinihintay nila Marko at Pilar ay ang kanilang pagbabalik eskuwela.
6. Upang maiwasan ang mga sakit
7. Kailangan dumaan sa temperature scanner upang matiyak na lahat ng pumapasok na bata ay nasa maayos na pangangatawan.
8. Tahimik sila na nag-aantay dahil bawal sa panahon ito ang magusap-usap gawa ng pandemic.

Hayaan ang mga mag-aaral na pagsunod-sunorin ang mga larawan ayon sa kuwento sa pamamagitan ng pagsusulat ng bilang 1 hanggang 6 sa sagutang papel.




Tumawag ng mag-aaral upang ikuwentong muli ang sunod-sunod na pangyayari gamit ang mga larawan.

## Bahagi 5: Lesson Conclusion

**Time**: 5 mins.

Ang araling ito ay tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong.

Tanungin ang mga mag-aaral:

1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sa iyo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong?

2. Ang aralin bang ito ay nakatulong sa iyo upang maalala ang tamang pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong?

Ipaalala sa mga mag-aaral na ang mabuting mag-aaral ay nasasalamin sa kanilang pagkatuto at natutunan.

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

## Day 4, Lesson Plan 8

### Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar

**Key Idea**

Naisasalaysay ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga larawan, pamatnubay na tanong at story grammar


**Most Essential Learning Competencies**

- Naisasalaysay ang binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan
- Nasasagot ang mga pamatnubay na tanong

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Noong nakaraang taon ay natutunan ninyo ang tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod sa tulong ng mga pamatnubay na tanong at story grammar. Ating balikan ang mga aral na ito sa tulong ng inyong guro sa pamamagitan ng pagsagot ng mga katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Mga hakbang sa pagtatanim ng mga buto**



| |
|---|
| T1. Ano ang una nating ginagawa sa pagtatanim ng buto? |
| T2. Ano ang ikalawang ginagawa pagkatapos kumuha ng paso o linisan ang lugar na pagtatanim? |
| T3. Base sa una at ikalawang larawan, ano ang sunod nating gagawin? |

| |
|---|
| T4. Ano naman ang susunod na gagawin kapag naitanim na ang mga buto? |
| T5. Ano ang mga kailangan ng buto upang lumaki at maging maayos ang kaniyang pagtubo? Bakit mahalaga na maayos natin itong itanim? |



**Bahagi 2: Lesson Purpose**


| |
|---|
| Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa pagsasalaysay ng babasahing kuwento sa tulong ng story grammar at pagsagot ng mga pamatnubay na tanong. Handa ka na ba? |

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

May mga makikita kang mga panibagong mga salita na maaaring hindi mo pa nabasa, narinig o hindi na matandaan.

Basahin ang mga salitang nasa loob ng kuwaderno.
Hanapin ang kahulugan ng bawat salita gamit ang mga pantulong na mga pangungusap at kahulugan.

| A | B |
|---|---|
| 1.   Habang nasa daanan ay natanaw ni Kardo at Pido ang kanilang mga magulang na nag-aalala sa kanila. | a. matindi o patindig na sikat ng araw |
| 2.   Nagkatinginan si Kardo at Pido nang makita nila ang rumaragasang tubig na paparating sa kanila. | b. naglalaro sa tubig |
| 3.   Tirik ang araw habang naglalakad pauwi ang magkapatid na sila Kardo at Pido. | c. mabilis na pagdaloy ng tubig |
| 4.   Muntik ng tangayin sila Kardo at Pido. | d. makaalis sa tubig |
| 5.   Isang matandang lalaki ang tumulong sa kanilang makaahon. | e. lantad sa paningin |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 6. |  | Malakas ang agos ng tubig. Mabuti lamang at may napadaan sa ilog na nakakita sa magkapatid. | f. kunin ng hindi nalalaman o napaghahandaan. |
| 7 |  | Habang masayang nagtatampisaw si Kardo at Pido, biglang lumakas ang hangin at nililipad ang mga tuyong dahon. | g. ang pagdaloy ng tubig |

**Bahagi 4: Lesson Activity**
**Bahagi 4A: Pagbasa ng Kuwento**

Basahin at intindihing mabuti ang kuwento.

**Sa Ilog**
*ni: Ailene R. Impabido*

Tanghaling tapat na, **tirik** ang araw habang naglalakad pauwi ang magkapatid na si Kardo at Pido. Napadaan sila sa may ilog, “Kuya Kardo tingnan mo, parang tinatawag tayo ng ilog na maligo”, ang sabi ni Pido. “Naku! ang sabi ni itay ay huwag na huwag daw tayong maliligo diyan sa ilog kung walang kasamang matanda baka malunod tayo”, ang sagot ni Kardo. “Tara na kuya! hindi naman tayo pupunta sa malalim, tsaka mabilis lang tayo, pagpupumilit na sabi ni Pido. “Oh! Sige na nga, pero bilisan lang natin ah, baka pagalitan tayo ni inay at itay”, nag-aalalang sagot ni Kardo.

Habang masayang **nagtatampisaw** si Kardo at Pido biglang lumakas ang hangin at nililipad ang mga tuyong dahon. Nagkatinginan si Kardo at Pido nang makita nila ang **rumaragasang** tubig na paparating sa kanila, hindi nila namalayan ang pagtaas ng tubig. Kumapit sila sa mga damo sa gilid ng ilog at sabay silang sumigaw ng “Tulong! Tulungan niyo po kami!”. Mabuti na lamang ay may mga matandang lalaki na nakakita sa kanila at tinulungan silang **makaahon** sa ilog. Hinatid silang basang-basa at nilalamig. Habang nasa daanan ay **natanaw** ni Kardo at Pido ang kanilang mga magulang na nag-aalala sa kanila. “Saan kayo galing mga bata at bakit kayo basang basa?”, sunod-sunod at nag-aalalang tanong ng mga magulang ni Kardo at Pido. “Muntik na silang **tangayin** ng malakas na **agos** ng ilog, mabuti at napadaan kami roon at narinig namin silang humihingi ng tulong”, sabi ng isang matandang naghatid sa kanila. “Naku Pido at Kardo! Hindi ba’t kabilin-bilinan ko na huwag na huwag kayong maliligo sa ilog kapag wala kayong kasamang nakatatanda?”, pag-aalalang sabi ng kanilang itay. Yumuko na lamang ang dalawang magkapatid at humingi ng tawad. “Patawad po itay at inay, hindi na po mauulit, susundin na po namin lahat ng bilin ninyo”, umiiyak na sabi ng dalawang magkapatid.

**Bahagi 4B: Mga Tanong**

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang pamagat ng binasang kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Saan naganap ang binasa natin? Ilarawan ito.

**Bahagi 4C: Mga Tanong**

Ibahagi ang iyong sagot sa klase sa mga sumusunod na tanong.

4. Ano ang pangyayaring hindi inaasahan ng magkapatid na si Kardo at Pido?
5. Bakit hindi nakapagpigil si Kardo at Pido sa pagligo sa ilog?
6. Kung ikaw ang nakakatandang kapatid ni Pido, papayag ka ba na kayo ay maligo sa ilog? Bakit?

**Gawain**: Gamit ang inihandang strip ng kartolina. Isulat ang wastong elemento ng kuwento.

1. Pamagat
2. Tauhan
3. Tagpuan

Pangyayari:

4. Suliranin
5. Kalutasan

| |
|---|
| Sa ilog |
| Si Kardo at Pido |
| Sa ilog |
| Rumagasa ang ilog at hindi na nila namalayan ang pagtaas ng tubig. |
| May nakakita at tinulungan silang makauwi ng maayos sa kanilang bahay. |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Itanong: Ano ang naramdaman mo sa iyong karanasan sa pagkatuto sa araling ito?
Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang tungkol sa pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong?

Ang aralin bang ito ay nakatulong sa iyo upang maalala ang tamang pagsasalaysay ng binasang teksto na may tamang pagkakasunod sunod sa tulong ng mga larawan at pagsasagot sa mga pamatnubay na tanong?

**Gawain:** Iguhit ang masayang mukha 😊 sa loob ng bilog kung naintindihan ang aralin at ang nais mo pang matutuhan sa klase sa loob ng kahon.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Day 5, Lesson Plan 9**

**Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga**

## Key Idea

- Natutukoy ang sanhi at bunga sa pangungusap.
- Naiuugnay ang sanhi at bunga.

## Most Essential Learning Competencies

- Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata o teksto.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Oras: 7 mins

- Balik-aral sa pagbibigay ng wakas ng kuwento.

*(**Paalala sa Guro**: Hayaan ang mga mag-aaral ay makapagbigay ng wakas ng kuwento.)*



Araw-araw ay laging nakatingin sa langit si Ashley. Tinitingnan niya ang bawat eroplanong dumaraan, umaasang sana nakasakay roon ang kanyang ama. Isang araw, habang siya ay nasa paaralan, hindi niya alam na dumating na pala ang kanyang ama mula sa ibang bansa. Nakita na lamang ni Ashley ang kanyang ama na siyang nagsundo sa kanya sa paaralan.

**Tanong:** Ano ang maaaring maging wakas ng kuwento?

**Bahagi 2: Lesson Purpose**

**Oras:** 3 mins

Sa araling ito ay mauunawaan natin ang kahalagahan ng sanhi at bunga sa mga gawain natin sa araw-araw. Kung ano na ating gagawin tiyak ay lagi itong may resulta.

**Bahagi 3: Language Practice**

Oras: 5 mins

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga salitang ito:

- ✓ pangkat (*grupo*)
- ✓ pagpanaw (*pagkawala, pagkamatay*)
- ✓ nauunawaan (*naiintindihan*)

- ✓ inaaliw (*nililibang, pinapasaya*)
- ✓ matutumbasan (*mapapalitan, masusuklian*)

*(**Paalala sa Guro:** Maaaring pasagutin ang mga mag-aaral kung alam nila ang kahulugan ng mga salita.)*

**Bahagi 4: Lesson Activity**
Oras: 25 mins
*(**Paalala sa Guro:** Bigyan ng oras ang mga mag-aaral na basahin ang kuwento.)*

**Ang Paborito Kong Alaga**



Si Angela ay isang estudyante mula sa pangkat Mahusay. Lagi na lang siyang nalulungkot tuwing naaalala niya ang pagpanaw ng kaniyang alagang asong si Pat. Hinding-hindi niya makalimutan ito dahil ito ang kauna-unahang aso na ibinigay sa kanya ng kanyang lolo. Naaalala pa nga niya kung gaano siya napasasaya nito. Si Pat ang palagi niyang kasama sa tuwing namamasyal sila. Minsan, kapag kinakausap niya ito ay parang nauunawaan siya nito. Ngunit, simula noong nawala si Pat ay palaging nasa kuwarto na lang si Angela at inaaliw ang sarili sa panood ng telebisyon. Mahal na mahal niya ito kaya hindi matutumbasan ng kahit sino ang kasiyahang ibinigay ni Pat kay Angela.

**Sagutin ang mga tanong:**

1. Bakit laging malungkot si Angela?
2. Bakit hindi niya makalimutan si Pat?
3. Bakit hindi matutumbasan ng iba ang kasayahang ibinigay ni Pat kay Angela?

*(**Paalala sa Guro:** Ipaliwanag sa bata na ang mga nasabi nilang dahilan ay ang **sanhi** at ang resulta naman nito ay ang **bunga**.)*

Ang **sanhi** ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng pangyayari. Gumagamit ito ng mga pang-ugnay na dahil o ngunit.

*Halimbawa: Hindi nakapasok si Joy dahil mataas ang kanyang lagnat.*
Ang **bunga** naman ay ang resulta o epekto, kinalabasan, o dulot ng pangyayari. Gumagamit ito ng mga pang-ugnay na kaya o tuloy.

*Halimbawa: Nilalabhan ni Cassy ang kanyang uniporme araw-araw kaya ito ay malinis at maputi.*

**Gawain**

**Panuto:** Unawain ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **S** kung ito ay sanhi at **B** naman kung ito ay bunga.

1. ________ Hindi pinansin ni Jona ang nakakalat na balat ng saging.
   ________ Natapakan ito ng bata at nadulas.

2. ________ Laging sinisunod ni Zoe ang utos ng kanyang ina at ama.
   ________ Mahal na mahal ito ng kanyang mga magulang.

3. ________ Ibinahagi niya ang kanyang baon sa kanyang kaklase.
   ________ Nakita ni Alex na walang kinakain ang kanyang kaklase.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Oras: 5 mins

**Awitin Natin!**

**Sanhi at Bunga**
*(Inilapat sa tono ng "Sitsiritsit Alibangbang")*

Ang **sanhi** ay tumutukoy
sa pinagmulan ng pangyayari.
Ang **bunga** naman ay ang resulta
o kinalabasan ng pangyayari. (2x)

***(Paalala sa Guro:** Maaaring kantahin ito ng acapella o may awitin. Gamitin ang link sa ibaba. Kapag gagamit ng musika, hindi kinakailangan tapusin ito. Maaring ipakanta sa bata ang awitin ng dalawang beses o higit pa hanggang sa ito'y makabisado nila.)*

**Ctto:** https://www.youtube.com/watch?v=-82vRAY8bI8

Sa susunod na aralin ay mas pagyayamanin pa natin ang inyong kaalaman patungkol sa sanhi at bunga.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng iba pang larawan at gawain na hindi nagamit sa aralin.

**Day 5, Lesson Plan 10**

**Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga**

**Key Idea**

- Natutukoy ang sanhi at bunga sa pangungusap.
- Naiuugnay ang sanhi at bunga.

**Most Essential Learning Competencies**

- Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata o teksto.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**
Oras: 7 mins
**Pagtambalin Natin!**
**Panuto:** Pagtapatin ng linya ang bawat sanhi sa tamang bunga nito.

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| 1. Kumain si Hannah ng maraming tsokolate. | a. Tuloy hindi siya makauwi ng bahay dahil sa malakas na ulan. |
| 2. Hindi sinunod ni Faye ang utos ng kanyang ina. | b. Kaya sumakit ang kanyang ngipin. |
| 3. Nakalimutang patayin ni Lyndon ang gripo sa kanilang lababo. | c. Kaya nabangga nito ang sinusundang sasakyan. |
| 4. Naiwan ni Princess ang kanyang payong sa kanilang bahay. | d. Kaya umapaw ang tubig. |
| 5. Mabilis ang pagpapatakbo ng kotse. | e. Tuloy pinagalitan siya ng kanyang ina. |

**Bahagi 2: Lesson Purpose**
Oras: 3 mins

Sa araling ito ay mauunawaan natin ang kahalagahan ng sanhi at bunga sa mga gawain natin sa araw-araw. Kung ano na ating gagawin tiyak ay lagi itong may resulta.


**Bahagi 3: Language Practice**
Oras: 5 mins
*(**Paalala sa Guro:** Hayaan ang mag-aaral na idikit ang tamang larawan ayon sa isinasaad ng pahayag. Ito ay **Board activity.**)*

**Panuto:** Piliin ang tamang larawan at idikit sa bawat pahayag.


Tuwang-tuwa si Leo. May pasalubong na keyk ang kanyang ama.

Nag-aral ng mabuti si Kevin. Nakakuha siya ng mataas na marka.

Hindi kumain ng agahan si Althea. Nagutom siya.




**Bahagi 4: Lesson Activity**
Oras: 25 mins
Sabihin: Basahin ang kuwento at pagkatapos tayo ay maglalaro.
**Bahagi 4A: Pagbasa ng Kuwento**



Araw-araw ay maagang nagigising si Nestor at ang kanyang ama upang magsaka. Hindi sila mabilis magutom dahil kumakain sila ng marami bago umalis ng bahay. Dahil nga maaga silang nagigising ay maaga rin nilang natatapos ang kanilang mga gawain. Nakapapasok pa nga si Nestor sa paaralan sa tamang oras dahil mabilis din siyang kumilos. Mahusay din siya sa kanilang klase. Tuwang-tuwa ang mga magulang ni Nestor dahil napakaresponsable niyang bata.

*(**Paalala sa Guro:** Hayaan ang mga batang pumila sa tamang hanay.)*

**Game Show*: Piliin Mo Ako!***
**Panuto:** Ayon sa kuwentong nabasa, alamin kung ang mga pahayag ay Sanhi o Bunga.
Pumila sa tamang hanay- Sanhi o Bunga pagkasabi ko ng mga pangungusap.

**SANHI** **BUNGA**

1. Dahil mabilis din siyang kumilos.
2. Nakapapasok sa tamang oras si Nestor.
3. Maaga nilang natatapos ang kanilang gawain.
4. Dahil maaga silang nagigising.
5. Tuwang-tuwa ang mga magulang ni Nestor.
6. Dahil napakaresponsable niyang bata.
7. Dahil kumakain sila ng marami bago umalis ng bahay.
8. Hindi sila mabilis magutom.

**Gawain #2**
**Panuto:** Iguhit sa tapat ng bilang ang hugis puso ( ) kung ang nakasalungguhit na mga salita ay sanhi at ulap ( ) naman kung ito ay bunga.

1. Mahilig magbasa si Anthon kaya hindi siya nahihirapan sa kanyang mga aralin.
2. Laging nahuhuli sa pagpasok si Mico dahil sa sobrang bagal niyang kumilos.
3. Dahil nabasa si Leo sa ulan kahapon, inaapoy siya ng lagnat ngayon.
4. Hindi kinalilimutang diligan ni Aling Pasing ang kanyang mga halaman kaya naman ang lalago ng mga ito.
5. Araw-araw si Denice nag-eensayo para sa paligsahan tuloy naiuwi niya ang panalo.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Oras: 5 mins
*(**Paalala sa Guro**: Maaaring ipakanta muli ang Sanhi at Bunga sa unang gawain.)*

**Dapat Tandaan!**
Ang **sanhi** ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng pangyayari.
Ang **bunga** naman ay ang resulta o epekto, kinalabasan, o dulot ng pangyayari.

Sa susunod nating talakayan, tayo’y mag-aaral patungkol sa paglalarawan. Ano ito? Iyan ay inyong malalaman sa susunod nating pagkikita.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng iba pang larawan at gawain na hindi nagamit sa aralin.

**Day 6, Lesson Plan 11**

**Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar**

## Key Idea

- Paglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar

## Most Essential Learning Competencies

- Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Tanong: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Sabihin: Magbalik-aral tayo ng ating nakaraang aralin tungkol sa sanhi at bunga.
- Gawin: Ipakita ang hinandang katanugan sa pisara.
- Sabihin: Tumayo ng tuwid kapag ang tinutukoy ay sanhi o dahilan. Umupo kapag ito ay bunga o resulta. Makinig mabuti sa babasahin kong pangungusap.

1. Si Lito ay mahilig mag-ipon ng pera (S)
   Kaya nakabili siya ng kinakailangang gamit sa paaralan (B)
2. Mahilig manood ng telebisyon si Rico nang malapit (S)
   Kaya lumabo ang kanyang mata (B)
3. Hindi nagkakasakit si Peter (B)
   Dahil mahilig siyang kumain ng gulay at prutas (S)
4. Madaling naubos ang pera ni Aling Barang (B)
   Dahil mahilig siyang gumastos (S)
5. Si Ana ay palaging maaga magising sa umaga (S)
   Kaya hindi siya nahuhuli sa pagpasok sa eskuwelahan (B)

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makilala ang mga salitang naglalarawan sa mga bagay, tao, pangyayari at lugar.


**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Gawin #1: Maghanda ng mga larawan at ipakita sa mga bata
  Sabihin: Tukuyin ang mga sumusunod na larawan kung ito ay tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari.

A. Tao B. Bagay C. Hayop D. Lugar E. Pangyayari













- Gawin # 2: Maghanda ng mga larawan at ipakita sa mga bata

Sabihin: Piliin ang salita na tumutukoy sa larawan na makikita sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


| | | | |
|---|---|---|---|
| 1.  | **A. mainit** | **B. malamig** | **C. malambot** |
| 2.  | **A. parisukat** | **B. tatsulok** | **C. bilog** |
| 3.  | **A. tahimik** | **B. malungkot** | **C. masaya** |
| 4.  | **A. maingay** | **B. tahimik** | **C. magulo** |
| 5.  | **A. anim** | **B. isa** | **C. sampu** |

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A**

- Gawin: Maghanda ng kopya ng kuwento sa pisara at ng mga larawan




- Gawin: Basahin ang kuwento

**Ang Bola ni Ben**

Si Ben ay may bola. Tatlo ang bola ni Ben. Iba-iba ang kulay ng bola niya. May asul, berde, at pulang bola. Ibinigay ito ng kanyang Tito Boy noong ika-pito niyang kaarawan. Kinailangan niya itong dalhin sa paaralan para sa kanilang gawain. Walang dalang bola ang kaniyang kamag-aral na sina Jose at Kaloy kaya't ipinahiram niya sila ng bola. Ang bolang pula ang nahiram ni Jose at ang bolang berde ang kay Kaloy. Masaya ang tatlong bata na naglalaro ng bola. Ang pulang bola ay naihagis sa mataas bakod. Ang berdeng bola naman ay sumabit sa mayabong na puno. Nalungkot si Ben sa nangyari sa mga bola. Mabuti na lamang at nanduon ang kanilang guro at natulungan siyang maibalik ang mga bola. Nagpasalamat ang mga bata sa kanilang guro.

- Sabihin: Basahin ninyo ang kuwento (isahan, may kapareha, pangkatan)

**Bahgai 4B**

- Tanong:
  1. Ano ang pamagat ng kuwento?
  2. Sino ang may bola?
  3. Sino ang nagbigay ng bola kay Ben?
  4. Kailan ibinigay ni Tito Boy ang bola?

**Bahagi 4C**


Pagtalakay sa mga salitang naglalarawan

- Tanong:

    1. Ilan ang bola ni Ben?
    2. Anu-ano ang kulay ng bola?
    3. Kanino napunta ang bolang pula?
    4. Saan sumabit ang bolang berde?


- Gawin: Isulat ang sagot ng mga bata sa pisara.
    1. Si Ben ay may **<u>tatlong</u>** bola.
    2. Si Ben ay may **<u>berdeng</u>** bola, **<u>asul</u>** na bola, at **<u>pulang</u>** bola.
    3. Humagis ang **<u>pulang</u>** bola sa **<u>mataas</u>** na bakod.
    4. Sumabit ang **<u>berdeng</u>** bola sa **<u>mayabong</u>** na puno.

- Sabihin: Basahin ang mga salitang nakasalungguhit.
- Tanong: Ano ang tawag sa mga salitang ito?
  Maaring sagot ng mga bata (salitang naglalarawan)
- Gawin: Basahin ang nasa larawan.







**Game: Fishing**

- Sabihin: Upang lalo pa natin maunawaan ang mga salitang naglalarawan, tayo ay maglalaro.
- Gawin: Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Sabihin: Gamit ang pangbingwit, hulihin ang mga isda na mayroong pang-uri, idikit ito sa tamang larawan/ pangungusap.



| pula | bilog | mataba | mainit | malabo |
|---|---|---|---|---|

Larawan

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  |  |  |  |  |

1. Ang mata ni Lina ay _________
2. Ang kape sa tasa ay ________
3. Ang elepante ay _________
4. Ang gulong ay hugis ________
5. Ang laso ay kulay _________

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Tanong: Ano ang natutunan mo ngayong araw?
  Maaring isagot ng mga bata: Pang-uri ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.

Piliin ang salitang naglalarawan sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong papel.

1. Ang bubong sa aming bahay ay hugis tatsulok.
   A. orasan B. tatsulok C. bahay
2. Mapupula ang mga rosas sa bakuran.
   A. rosas B. bakuran C. mapupula
3. Maalat ang bagoong.
   A. maalat B. ang C. bagoong
4. Malinis ang aming komunidad.
   A. komunidad B. aming C. malinis
5. Matamis ang hinog na mangga.
   A. mangga B. hinog C. matamis

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 6, Lesson Plan 12**

**Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar**

**Key Idea**

- Paglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar (Pang-uri)

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari at lugar.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: Ano ang inyong natutunan kanina?
  Maaring isagot ng mga bata: Pang-uri ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.
- Gawin: Ipakita ang hinandang katanungan sa pisara.
- Sabihin: Ikahon ang salitang naglalarawan o pang-uri sa bawat parirala.
  1. matangos na ilong
  2. matalinong bata
  3. magandang tanawin
  4. mainit na sopas
  5. kutis porselana

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***





Time: 3 mins.





- Sa araling ito ay makilala ang mga salitang naglalarawan sa mga bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari. (Pang-uri)

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Gawin: Maghanda ng kahon na may lamang larawan o mga tunay na bagay.
- Sabihin: Ipasa ang basket habang umaawit ang mga bata. Kapag huminto ang awit, kukuha ng bagay sa loob ng kahon ang may hawak nito. Ipakita ng bata ang nakuhang bagay at ilarawan ito.
- Gawin: Ulitin ang proseso hanggang maubos ang laman ng kahon.
  Maaring sagot ng bata (Ang lapis ay matulis)
  Larawan:

| | | | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |
|  |  |  |  |
|  |  |  |  |


| | | | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A**

- Gawin: Maghanda ng kopya ng diyalogo sa pisara at ng mga larawan



- Gawin: Basahin ang Diyalogo

**Mina:** Naku! Nagbakasyon kami sa probinsya ng aking Lola Ensang at Lolo Sendong!

**Roy:** Ano-ano ang nakita mo roon?

**Mina:** Maraming puno ng niyog sa tabi ng kanilang bahay. Uminom kami ng sabaw ng buko. Matamis at masarap ito. May matitibay na gamit din silang gawa sa niyog tulad ng sandok, mangkok, mesa, at upuan.

**Roy:** Ang galing naman! Tiyak na malamig at malinis ang hangin doon. Sana makarating din ako sa lugar ng iyong lolo at lola.

**Mina:** Huwag kang mag-alala. Isasama kita roon sa susunod na bakasyon. Siguradong matutuwa ka sa makikita mo sa magandang lugar nina Lola Ensang at Lolo Sendong.

- Sabihin: Basahin ninyo ang Diyalogo (isahan, may kapareha, pangkatan)

**Bahagi 4B**

- Tanong:

1. Saan nagbakasyon si Mina?
2. Ano-ano ang kanyang nakita roon?
3. Bakit malinis at malamig ang hangin sa probinsya?
4. Anong mga salitang naglalarawan sa lugar at bagay na ginamit sa diyalogo?
5. Pagbigayin ng halimbawa ang mga mag-aaral.


- Gawin: Isusulat ang sagot ng mga bata sa pisara at ipababasa ang mga ito sa kanila.

**Bahagi 4C**

- Gawin: Magpakita ng larawan o maaaring matawag ng dalawang mag-aaral at papuntahin sa harap.



- Sabihin:Ano ang nakikita ninyo sa hitsura ng dalawang bata?
- Gawin: Isulat sa pisara ang sagot ng mga bata.
- Sabihin: Salungguhitan ang mga salitang naglalarawan.
- Gawin: Basahin ang nasa larawan.




**Game: Pangkatang Gawain**

- Sabihin: Upang lalo pa natin maunawaan ang mga salitang naglalarawan, gawin ang mga gawaing pangpangkatan.
- Gawin: Ihanda ang pamantayan sa Pangkatang Gawain at Rubrics

**Pangkat 1**

Bilugan ang salitang naglalarawan o pang-uri sa bawat pangungusap.

1. Ang Lola Ima ko ay masarap magluto.
2. Malinis ang aming bakuran.
3. Si Manny Paquiao ay magaling sa *boxing*.
4. Mapait ang ampalaya.
5. Malambot ang bago naming unan.

**Pangkat 2**


Sumulat ng limang pang-uri na naglalarawan kay Andres Bonifacio.



**Pangkat 3**
Isulat ang angkop na pang-uri sa bawat pangungusap.

1. Ang sorbetes ay _____.
2. _____ ang kalamansi.
3. _____ ang sili.
4. Ang lapis ko ay _____.
5. Ang langgam ay _____.

**Pangkat 4**
Kulayan ang larawan ng parke. Sumulat ng limang pang-uri na naglalarawan sa parke.



**Pangkat 5**
Ilarawan ang iyong kaibigan.
Sumulat ng limang pang-uri na naglalarawan sa kanya.

**Ang kaibigan ko ay**
_______________

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Tanong: Ano ang natutunan mo ngayon araw?
  Maaring isagot ng mga bata: Pang-uri ang tawag sa mga salitang naglalarawan ng katangian ng tao, bagay, hayop, at pook o lugar.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 7, Lesson Plan 13**

**Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan**

## Key Idea

- Mabasa at matukoy ang mga salitang madalas na makita sa paligid

## Most Essential Learning Competencies


- Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan


**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Oras: 7 mins

Sabihin: Batay sa ating nakaraang aralin, napag-aralan natin ang tungkol sa mga salitang naglalarawan. Ating balikan ang mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga salitang naglalarawan sa bawat larawan.


**Panuto**: Magbigay ng salitang nagsasaad ukol sa bawat larawan.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention**

Oras: 3 mins

| |
|---|
| Sabihin: Sa araling ito, inyong matutukoy at mababasa ang mga salitang madalas makita sa paligid at ang mga batayang talasalitaan. |

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Oras: 5 mins

**Pag-ayos ng *Jumbled Letters***

Hatiin sa dalawang pangkat ang klase. Ibigay ang dalawang *set* ng *jumbled letters*.

| | |
|---|---|
| **a a a b l b** | **a a a a l l p** |

Sagutin ang mga tanong:

1. Anong salita ang inyong nabuo? (babala, paalala)
2. Ano kaya ang ibig sabihin ng mga salitang ito?

**Bahagi 4: Lesson Activity**

Oras: 25 mins

Upang malinang pa ang inyong kasanayan, gawin ninyo ang mga sumusunod na gawain.

**Bahagi 4A: Memory Game**

1. Hahatiin sa dalawang grupo ang klase.
2. Tandaan kung saan nailagay o naipuwesto ang mga larawan na naipaskil sa pisara sa loob ng tatlo o limang segundo.
3. Paramihan ng mga natatandaang larawan batay sa puwesto nito.




| | | |
|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 |
| 4 | 5 | 6 |
| 7 | 8 | 9 |

| | |
|---|---|
| BAWAL PUMARADA DITO | BAWAL UMAPAK SA DAMUHAN |
| TRAFFIC LIGHT | MAG-INGAT SA ASO |
| BAWAL MANIGARILYO | BAWAL MAG-INGAY |
| MAG-INGAT MADULAS ANG SAHIG | BAWAL MAGKALAT NG BASURA |
| NO ID NO ENTRY | |

**Bahagi 4B: Kuwento Ko, Dugtungan Mo**

Pagmasdan ang larawan. Gagawa tayo ng isang kuwento. Ako ang maunang magkuwento base sa nakita ko sa larawan at dudugtungan ninyo ang kuwento base sa inyong nakita.

**Ang mga Bata sa Parke**

Isang araw, masayang naglalaro ang magkakaibigan sa parke. Merong nagduduyan . . . .

Habang sila ay naglalaro, mayroon silang napansin na mga karatula . . . .



Sagutin ang mga tanong:


1. Anu-ano ang mga bagay na nakita ng mga bata sa paligid ng parke?
2. Nakakita at nakabasa na rin ba kayo ng mga bagay na ganito?
3. Sa palagay niyo, kailangan ba nating pahalagahan at sundin ang mga salitang madalas nating makita sa paligid katulad ng mga nasa karatula?

**Paalala sa Guro:** Isalaysay ng buo ang kuwento batay sa mga detalyeng sinabi ng mga mag-aaral.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Oras: 5 mins

Sabihin: Para malinang ang inyong kaalaman sa mga salitang madalas na makita sa paligid, at batayang talasalitaan, inyong pagtambalin ang larawan sa hanay A sa pangalan nito sa hanay B. Isulat ang letra ng inyong sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | a. Bawal mag-ingay |
| 2.  | b. Mag-ingat sa aso |
| 3.  | c. Traffic Light |
| 4.   | d. Nakakalason |
| 5.  | e. Mag-ingat madulas ang sahig |

- Pagtatapos ng Aralin:
  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Natukoy natin ngayon ang mga iba't-ibang larawang madalas makita sa ating paligid. Sa susunod na aralin naman ay pag-aaralan natin ang mga salitang pinagbatayan ng mga salitang madalas nating makita sa paligid.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 7, Lesson Plan 14**

**Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan**

## Key Idea

- Mabasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at matukoy ang mga pinagbatayang salita nito.

## Most Essential Learning Competencies


- Nababasa ang mga salitang madalas na makita sa paligid at batayang talasalitaan

## Bahagi 1: Lesson Short Review

Oras: 7 mins.

Sabihin: Batay sa nakaraang aralin, napag-aralan ninyo ang tungkol sa mga salitang naglalarawan. Ating balikan ang mga aral na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga salitang naglalarawan.
Itanong:

1. Ilarawan ang nasa larawan.
2. Sa tingin ninyo, ano ang ibig sabihin ng bawat larawan?
3. Aling larawan ang babala? Aling larawan ang paalala?
4. Sa tingin mo mahalaga bang alam natin ang pinagkaiba ng babala at paalala?





## Bahagi 2: Lesson Purpose

Sa araling ito, matutukoy at mababasa ninyo ang mga salitang madalas makita sa paligid at ang mga batayang talasalitaan.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

**Pagbasa ng pangungusap**

Ayusin ang mga salita upang makabuo ng pangungusap

| basura Bawal ng dito magtapon | pumitas bulaklak Bawal ng |
|---|---|
| damuhan umapak Bawal sa | manigarilyo Bawal |

Sagutin ang mga tanong:

Base sa mga nabuong salita, ano ang mensahe na ibig sabihin nito?

**Bahagi 4: Lesson Activity**

Upang malinang pa ang inyong kasanayan, inyong gawin ang mga sumusunod pang mga gawain.

**Bahagi 4A: Role Playing**

**Pangkatang Gawain:** Gumawa ng dula-dulaan batay sa mga sitwasyon. Kayo ay bibigyan ng iskor batay sa *Rubric.*

**Sitwasyon 1 (Pangkat 1):** Inutusan ka ng iyong Ina na bumili ng inyong ulam sa tindahan. Nakakita ka ng matandang papatawid ng daan. Ano ang dapat mong gawin?

**Sitwasyon 2 (Pangkat 2):** Habang ikaw at ang iyong mga kaklase ay pauwi galing paaralan, napadaan ka sa isang hardin na may maraming magagandang bulaklak, ano ang inyong gagawin?

Rubrics sa Pangkatang Gawain:

| | Katangi-tangi (5) | Mahusay (4) | Katamtaman (3) | Kailangan pa Magsanay (2) |
|---|---|---|---|---|
| Pagkakaganap ng mga tauhan (Naipakita ang katangian ng bawat tauhan) | | | | |
| Teamwork at Partipasyon (Kasama ang lahat ng kasapi ng pangkat) | | | | |
| Tono at Boses (Madamdamin at malakas ang boses) | | | | |
| Ekspresyon ng mukha (Nagpapakita ng damdamin) | | | | |
| | | | | |


**Bahagi 4B: Poster Making**

**Pangkatang Gawain:** Bawat grupo ay gagawa ng Poster na nagpapakita ng Babala at Paalala na makikita sa komunidad at paaralan. Ipaliwanag ang inyong gawa. Kayo ay bibigyan ng iskor batay sa *Rubric.*

| RUBRICS PARA SA PAGGAWA NG POSTER | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** |
| **Kaangkupan sa paksa** | Napaka-angkop sa paksa ang ginawang poster. | Angkop sa paksa ang ilang bahagi sa ginawang poster. | Hindi gaanong angkop sa paksa ang ginawang poster. | Hindi angkop sa paksa ang ginawang poster. |
| **Pagkamalikhain** | Lubusang nagpamalas ng pagigng malikhain sa paggawa ng poster. | Naging malikhain sa paggawa ng poster. | Hindi gaanong nagpakita ng pagkamalikhain sa paggawa ng poster. | Hindi nagpakita ng pagkamalikhain sa paggawa ng poster. |
| **Presentasyon** | Lubusang malinaw ang intension o detalyeng ipinahahayag ng poster. | Naging malinaw ang intension o detalyeng ipinahahayag ng poster. | Hindi gaanong malinaw ang intensyon o detalyeng ipinahahayag ng poster. | Hindi malinaw ang intension o detalyeng ipinahahayag ng poster. |
| **Kalinisan at Kaayusan** | Napakalinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. | Naging malinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. | Hindi gaanong malinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. | Hindi malinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. |
| **Kabuuang Puntos** | **30** | | | |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**


Para malinang ang ating kaalaman sa mga salitang madalas na makita sa paligid, batayang talasalitaan, Isulat ang **P** sa loob ng kahon kung Paalala at **B** naman kung babala.



Mag-ingat sa aso.



Mag-ingat, malalim ang tubig.



Mag-ingat sa pag-akyat. Mataas ang hagdan



Bawal tumawid, delikado.

**Day 8, Lesson Plan 15**

**Mga Salitang Magkasingkahulugan at Magkasalungat**

**Key Idea**

- Pagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan at kasalungat nito.

**Most Essential Learning Competencies**


- Nabibigyang kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat.
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasa

| |
|---|
| **Bahagi 1: *Lesson Short Review***<br><br>Time: 7 mins.<br><br>▪ Sabihin: Noong nakaraang taon, napag- aralan natin ang mga salitang magkasalungat at magkasingkahulugan.<br>▪ Ipaawit ang "Magkasingkahulugan at Magkasalungat" https://www.youtube.com/watch?v=PqSckTL5fRI<br><br>Tanong:<br>T1. Ano- ano ang mga pares ng salita na magkasingkahulugan at magkasalungat na naalala ninyo mula sa awit?<br>T2. Ano kaya ang ibig sabihin ng magkasingkahulugan? ng magkasalungat? |
| **Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***<br><br>Time: 3 mins.<br><br>▪ Sabihin: Sa araling ito, bibigyang kahulugan natin ang mga salita sa pamamagitan ng kasingkahulugan at kasalungat nito. |
| **Bahagi 3: *Lesson Language Practice***<br><br>Time: 5 mins.<br><br>▪ Sabihin: Basahin ninyo ang mga pangungusap sa ibaba. Ibigay ang kahulugan ng salitang may linya sa pamamagitan ng pagpili ng kasingkahulugan o kasalungat nito sa mga dahon.<br><br>1. <u>Maganda</u> at mabait ang batang si Luna.   |

2. Ang kapaligiran ay malinis.




3. Bumili si Nato ng malamig na inumin.




4. Mataas ang puno ng mangga sa tabi ng aming bahay.




5. Umihip nang malakas ang hangin.




- Sabihin: Magbigay ng iba pang halimbawa ng mga bagay na maaaring gamitan ng bawat pares ng salita.
  (Tandaan: Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang mga ito sa pangungusap.)

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**Bahagi 4A.**

**Si Mimi at si Mina**
Ni Mary Rose M. Magnaye

Si Mimi at si Mina ay kambal. Marami silang pagkakatulad ngunit marami rin silang pagkakaiba.

Maganda si Mimi. Ang kaniyang buhok ay mahaba at tuwid. Ang kaniyang mga mata ay mapupungay at ang kaniyang kutis naman ay kayumanggi.

Si Mina ay marikit tulad ni Mimi. Diretso man ang kaniyang buhok ngunit maiksi naman ito. Singkit rin ang kaniyang mga mata. Ang kaniyang balat naman ay maputi.

Bagaman mayroon silang pagkakaiba ay palagi nilang minamahal ang bawat isa. Sila ay nagbibigayan at marunong magpaubaya sa mga bagay na pareho nilang gusto kaya hindi sila nag- aaway. Tuwang- tuwa ang kanilang mga magulang dahil sa kanilang mabuting pag- uugali.

Tanong:

T1. Sino ang kambal sa kuwento?

T2. Ano- ano ang katangian mayroon si Mimi?

T3 Ano-ano ang katangian mayroon Si Mina?

T3. Paano naipakikita ng magkapatid ang kanilang mabuting pag- uugali?

T4: Nararapat ba silang tularan? Bakit?

**Bahagi 4B.**

Sabihin. Balikan natin ang ating kuwento tungkol sa kambal na sina Mimi at Mina. Punan natin ang graphic organizer sa ibaba. Ilalagay natin ang mga katangian ni Mimi sa unang hanay at sa ikalawang hanay naman ang katangian ni Mina. Tutukuyin natin kung ang mga ito ay magkasingkahulugan o magkasalungat.

| Mimi | Mina | Magkasingkahulugan o Magkasalungat |
|---|---|---|
| maganda | marikit | magkasingkahulugan |
| mahaba | maiksi | magkasalungat |
| tuwid | diretso | magkasingkahulugan |
| mapungay | singkit | magkasingkahulugan |
| kayumanggi | maputi | magkasalungat |

**Bahagi 4C.**

- Sabihin: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Ibigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit. Maaaring ibigay ang kasingkahulugan o kasalungat nito.

1. Nanalo si Pedro sa paligsahan dahil <u>matulin</u> siyang tumakbo.
   Sagot: (mabilis, mabagal)
2. <u>Matayog</u> ang lipad ng saranggola ni Juan.
   Sagot: (mataas, mababa)
3. Ang pagiging matapat ay <u>wastong</u> pag-uugali.
   Sagot: (tama, mali)
4. <u>Labis</u> ang sukli na natanggap ni Nene mula kay Aling Tasing.
   Sagot: (sobra, kulang)
5. Ang pista ay isang masayang pagdiriwang.
   Sagot: (maligaya, malungkot)

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***

Time: 5 mins.

- Sabihin: Upang tiyakin kung natutunan ninyo ang ating aralin, tutukuyin natin kung ang pares ng salita ay magkasingkahulugan o magkasalungat. Isulat sa patlang ang **<u>MK</u>** kung magkasingkahulugan at **<u>MS</u>** kung ito ay magkasalungat.

| |
|---|
| _______1. maliit – pandak<br>_______2. tahimik – maingay<br>_______3. mabuti – mabait<br>_______4. mahal – mura<br>_______5. masakit – mahapdi<br>_______6. matapang – duwag<br>_______7. mahusay – magaling<br>_______8. mahirap – mayaman<br>_______9. makupad – mabagal<br>_______10. bukas – sarado |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin. |

## Day 8, Lesson Plan 16

## Pagbibigay Kahulugan sa mga Salita sa Pamamagitan ng Context Clues, Halimbawa at Pormal na Depinisyon

### Key Idea

- Pagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salita (context clues), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita

### Most Essential Learning Competencies

- Nabibigyang kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salita (context clues), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasa

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: Noong nakaraang taon, napag- aralan natin ang pagbibigay kahulugan gamit ang magkasingkahulugan at magkasalungat. Bigyan natin ng kahulugan ang mga salitang may salungguhit sa pangungusap. Maaari mong ilagay ang kasingkahulugan o kasalungat nito.

  1. Tahimik ang mga mag-aaral sa loob ng silid- aklatan.
  2. Ang mga bulaklak ay mahalimuyak.
  3. Ang paglakad ng pagong ay makupad.
  4. Matayog ang lipad ng agila.
  5. Malumbay si Lisa dahil sa pagkawala ng kaniyang alagang pusa.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sabihin: Sa araling ito, bibigyang kahulugan ninyo ang mga salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan ng salita (*context clues*), pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Pagtambalin Natin!**

- Sabihin: Basahin ninyo ang mga pangungusap na nasa loob ng paso. Piliin sa mga salita o pariralang nasa loob ng *cactus* ang binibigyang kahulugan nito.




- Sabihin: Basahin natin nang sabay- sabay ang ating mga sagot upang lubos natin itong maunawaan. Ang mga ito ay mababasa natin sa ating kuwento.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Bahagi 4A.**

**Si Mona at ang Kaniyang Manika**
Ni Mary Rose M. Magnaye

Nakatanggap ng regalong manika si Mona mula sa kaniyang mga magulang noong nakaraan niyang kaarawan. Simula noon ay hindi na ito mawala sa kaniyang tabi. Palagi niya itong dala-dala kahit saan sila pumunta.

Isang araw, **tumungo** sila sa isang pamilihan upang mamili ng mga regalo para sa darating na Pasko. Sa sobrang **galak** nang makita ang **samu't saring**

laruan ay hindi niya napansin na naiwan pala niya ang kaniyang manika sa isa sa mga **estante.**

Nang magbabayad na sila ng mga napiling laruan ay **napahagulgol** si Mona nang nakita niyang wala pala ang kaniyang manika. Hinanap nila ito ngunit hindi nila ito makita. Paalis na sana sila nang may isang batang lalaking lumapit dala-dala ang kaniyang nawawalang manika. Nagpasalamat si Mona sa batang lalaki at nangakong hindi na niya kailanman hahayaang mawala ang paborito niyang manika.

Tanong:

T1. Sino ang mayroong manika?

T2. Saan sila pumunta upang mamili ng regalo?

T3. Bakit napahagulgol si Mona?

T4. Kung ikaw si Mona, ano ang gagawin mo kung mawala ang paborito mung laruan?

T5. Kung ikaw ang batang lalaki, ibabalik mo ba ang manika? Bakit?

**Bahagi 4B.**

- Sabihin. Basahin ninyo ang mga pangungusap sa ibaba na nagbibigay kahulugan sa mga salita mula sa ating kuwento. Iayos ang mga letra upang makabuo ng tinutukoy na salita.

1. Ito ay isang masayang pagdiriwag ng ating buhay. **W A N K A R A A**
2. Pumunta si nanay sa bilihan ng mga damit at laruan. **A P I M I L A H N**
3. Labis- labis ang tuwang nadama ni Mona sa pagkabalik ng kaniyang manika. **B A R O S**
4. Bitbit niya kahit saan pumunta ang kaniyang manika. **L A A D**
5. Hindi niya nakita ang kaniyang laruan. **A N A P N I S N**

**Bahagi 4C.**

- Sabihin: Basahin ninyo ang pangungusap. Bilugan ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Ang suka ay isang maasim na likido.
2. Kumukulo na ang tubig. Mainit na mainit na ito at nakapapaso.
3. Nakabili si Nanay ng mga mansanas sa murang halaga. Mababa lamang ang presyo nito sa kaniyang suki.
4. Bago ang bag ni Sara. Hindi pa niya ito nagagamit sa pagpasok sa paaralan.
5. Ang maskara ay ginagamit na pantakip sa mukha ng isang tao.

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***

Time: 5 mins.

- Sabihin: Piliin ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Isulat ang letra ng sagot sa patlang bago ang bilang.

______1. Mahalimuyak ang amoy ng mga bulaklak sa hardin.
a. mabango b. mabaho c. maamoy

______2. Nakatanggap ng babala ang mga tao hinggil sa paparating na malakas na bagyo.
a. paalala b. utos c. pakiusap

______3. Malumanay at mapayapang kinausap ng guro ang mga mag- aaral.
a. magulo b. mahinahon c. tahimik

______4. Ang kutsilyo ay matalim kaya ginagamit itong panghiwa ng mga gulay na lulutuin.
a. mapurol b. mahina c. matalas

______5. Madungis na ang mga batang naglalaro sa putikan.
a. malinis b. marumi c. maayos

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 9, Lesson Plan 17**

**Pangunahing kaisipan**

**Key Idea**

Naibibigay ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa

**Most Essential Learning Competencies**

- Nauunawaan ang binasa
- Natutukoy ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: " Batay sa ating nakaraang aralin , napag-aralan natin ang tungkol sa mga salitang magkasalungat. Naalala niyo pa ba?"
- Ipatukoy sa mag-aaral ang mga salitang magkasalungat na nasa pangungusap

Gawain:

Salungguhitan ang dalawang salitang magkasalungat na makikita sa bawat pangungusap.

1. Si Mon ay may maikli at mahabang lapis.
2. Mabilis magsulat si Ken, samantalang mabagal naman magsulat ang kaniyang kaibigang si Don.
3. Maayos ang silid ng kanilang iniwan, ngunit ito ay nadatnan nila na magulo.
4. Nasira ni Len ang ginawang paso ni Miya.
5. Umalis si Dan kaya't hindi niya nadatnan si Dona ng ito'y dumating.

Susi sa pagwawasto:

1. Si Mon ay may **maikli** at **mahabang** lapis.
2. **Mabilis** magsulat si Ken, samantalang **mabagal** naman magsulat ang kaniyang kaibigang si Don.
3. **Maayos** ang silid ng kanilang iniwan, ngunit ito ay nadatnan nila na **magulo**.
4. **Nasira** ni Len ang **ginawang** paso ni Miya.
5. **Umalis** si Dan kaya't hindi niya nadatnan si Dona ng ito'y **dumating**.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutukoy ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins

- Sabihin: “Sabay-sabay nating basahin ang maikling teksto”
- Pagbasa ng maikling teksto:

Ang Bitamina A ay mahalaga sa ating katawan. Ito ay tumutulong upang lalong luminaw ang ating mga mata. Ang mga pagkain na mayaman sa Bitamina A ay atay ng (manok at baka) itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na prutas at gulay. Ang kakulangan sa Bitaminang ito ay maaaring magdulot ng pagkalabo ng paningin.

T1: Tungkol saan ang teksto?

T2: Mahalaga ba ang Bitamina A sa atin? Bakit?

T3: Ano ang pangunahing kaisipan sa ating binasa?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Game: Wika Rambulan**

- Basahin ang talata at buuin ang paksa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pinaghalong mga letra.

Ang buwaya ay isang hayop na nakatira sa tubig. Parang troso ang kaanyuan nito kapag nasa tubig. Matigas at karaniwang kulay lumot o tsokolate ang balat nito.

**PAKSA: Y A B U W A**

Ang tubig ang pinakamahalaga sa ating buhay. Nagpapalakas ito ng ating katawan. Kung walang tubig, hindi tayo makapaglinis, makapaglalaba, makapagluluto atbp.

**PAKSA: G T B I U**

**4B. Game: Buuhin natin.**

- Ang klase ay hahatiin sa dalawang grupo.
- Ang mag-aaral ay makakatanggap ng kartolina, *Scotch-tape* at *Puzzle pieces* na mayroong larawan sa harap at teksto naman sa likod.
- Gamit ang larawan sa *puzzle* ito ay susundan nila upang mabuo ang teksto sa likod.
- Mayroon lamang 10 minuto ang mag-aaral para gawin ang Gawain.


***(Note: Gamit ang tape pagdugtungin lamang ang mga larawan. Maari din gumamit ng iba pang kagamitan para idikit. Siguraduhin lamang na ang likurang bahagi ay mababasa parin)***

Sabihin: “Upang malinang pa ang ating kasanayan sa pagtukoy sa pangunahing kaisapan sa tekstong binasa. Papangkatin ko sa dalawang pangkat ang ating klase. Ang bawat pangkat ay makakatanggap ng *Puzzle pieces* kung saan, ito ay bubuuhin para mabasa ang teksto na nasa likod ng larawan. Gamitin ang tape para maidikit ang larawan. Itape ang larawan sa

harapan at basahin ang maikling teksto sa likuran ng puzzle na binuo. Isulat sa kartolina ang nabuong larawan at ang pangunahing kaisipan sa binasa. Mayroon lamang 10 minuto para gawin ang Gawain.

**Pangkat 1 – Pamilya** ***(Ctrl+Click ang link para makita ang kagamitan***

**Harapang Bahagi**



**Likurang Bahagi**

**Ang pamilya ay isang mahalagang yunit ng pamayanan. Mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng bawat ama at ina sa pamilya. Ang ama ay haligi ng tahanan at ang ina ang ilaw nito. Pagmamahalan, pagkakaisa at pagkakaunawaan ang mahalagang sangkap ng maligayang pamilya.**


Maaring Sagot:

Larawan: Pamilya

Pangunahing kaisipan: Ang pamilya ay isang mahalagang yunit ng pamayanan.

**Pangkat 2 – M**ag-aaral ***(Ctrl+Click ang link para makita ang kagamitan)***

**Harapang Bahagi**



**Likurang Bahagi**

**Si Dona ay isang batang masipag mag- aral. Lagi siyang gumising tuwing ika-5 ng umaga para maghanda sa pagpasok. Halos 30 minuto ang biyahe niya bago makarating sa eskuwela. Mahilig magbasa ng aralin si Nelia. Isinusulat niya lahat ng gawaing pampaaralan.**

Maaring Sagot:

Larawan: Mag-aaral / Batang nagsusulat

Pangunahing kaisipan: Si Dona ay isang batang masipag mag-aral.

- Tatawag ng isang miyembro bawat grupo upang basahin ang kanilang sagot.
- Sabihin: “Ang bawat sagot ay wasto. Ang mga ibinigay ay mga pangunahing kaisipan sa teksto na binasa.”
  T1: Ano ang nasa larawan ng pangkat isa at pangkat dalawa?
  T2: Pareho bang mahalaga ang dalawang larawan? Bakit?

- Sabihin: “Ang Larawan 1 at 2 ay parehong mahalaga. Tayo ay nag-aaral ngayon ng mabuti para magkaroon tayo ng magandang kinabukasan para sa ating sarili at para sa ating pamilya.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Pagbasa ng Teksto at pagtukoy sa pangunahing kaisipan.
- Ang Teksto ay nakalagay sa *Strip* kada pangungusap. Tutukuyin ng mag-aaral kung alin sa pangungusap o *strip* ang pangunahing kaisipan.

Sabihin: "Para malinang ang ating kaalaman sa Pangunahing Kaisipan sa pagbasa ng teksto, subukan nating tukuyin ang pangunahing kaisipan sa teksto."

1. Isa sa mga tinatawag na puno ng buhay ang puno ng niyog.
2. Maraming puno ng niyog ang matatagpuan dito sa ating bansa.
3. Dito natin kinukuha ang lahat ng produkto na ginagawa sa Pilipinas tulad ng sabon, mantika, gamit sa bahay at marami pang iba.

T1: Alin sa mga *strip* o pangungusap ang pangunahing kaisipan sa binasang teksto?

T2: Paano mo nasabi na ito ang pangunahing kaisipan?

- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay kikilalanin naman natin ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 9, Lesson Plan 18**

**Sumusuportang kaisipan**

**Key Idea**

Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa

**Most Essential Learning Competencies**

- Naunawaan ang binasa
- Natutukoy ang pangunahing kaisipan sa tekstong binasa
- Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan batay sa pangunahing kaisipan

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sabihin: "Batay sa ating nakaraang aralin, napag-aralan natin ang tungkol sa pangunahing kaisipan sa teksto. Para malinang pa ang ating kasanayan sa pagtukoy sa pangunahing kaisipan sa teksto."
- Ipabasa sa mag-aaral ang teksto at ipatukoy ang pangunahing kaisipan dito.

**Teksto:**

Ang Puno ng Narra ay napakatibay.

Minsan ginagawa itong bahay.

Ito ay malaki at matayog.

Malakas man ang bagyo ito ay nanatiling matayog.

T1: Ano ang pangunahing kaisipan sa binasa?

- Sabihin: Dahil, nauunawaan na natin ang pangunahing kaisipan tayo ay tutungo sa sumusuportang kaisipan.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sabihin: Sa araling ito ay matutukoy ang mga sumusuportang kaisipan batay sa pangunahing kaisipan

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game:**

- Sabihin: Sa pagpapatuloy ng ating aralin, ibigay ang mga salitang naglalarawan sa salita na ibibigay gamit ang *graphic organizer*:




Maaring sagot: Mapagmahal, magkakasama, masaya, nagtutulungan *(tanggapin ang ibang sagot na maaring tumukoy sa salitang pamilya).*

T1: Ano ang masasabi niyo tungkol sa iyong pamilya
T2: Bilang mag-aaral sa ikalawang baitang, paano mo mapapahalagahan ang iyong pamilya?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Game: Basa Mo, Kulayan Mo**

- Ang mag-aaral ay makakatanggap ng tig-isang kopya ng teksto. Babasahin ng lahat ang teksto:

  Si Juan ay isang mabuting mag-aaral.
  Siya ay pumapasok araw-araw.
  Ginagawa niya ang mga gawaing pampaaralan.
  Nakikinig siya upang matuto sa kanilang aralin.
  Bago maglaro, ginagawa niya ang kaniyang takdang-aralin.
  Tumutulong din siya sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kanilang klase.


  T1. Tungkol saan ang tekstong binasa?
  T2. Sino ang pangunahing tauhan sa binasa?
  T3. Paano mo nasabi na mabuting mag-aaral si Juan?

- Sabihin: Sa iyong hawak na papel, sa tekstong ating binasa, kulayan ng dilaw ang Pangunahing Ideya at kulay bughaw ang mga Sumusuportang Kaisipan.
- Bigyan ng 6-8 minuto ang mag-aaral para sagutin ang kanilang Gawain.


**4B Game: Puzzle Match**

- Sabihin: "Upang malinang pa lalo ang ating kaalaman sa pagtukoy ng mga sumusuportang kaisipan. Magkakaroon tayo ng laro na tinatawag na "*Puzzle Match*". Magkakaroon ng Dalawang grupo kung saan susubukin na buuhin ang talata batay sa binigay na *puzzle piece*. Mayroong Puzzle Piece na maaring hindi kasama sa teksto o walang kaugnayan sa pangunahing ideya.
- Ang bawat pangkat ay makakatanggap ng Puzzle Pieces na kanilang bubuuhin. Ang Malaking Puzzle ay ang Pangunahing kaisapan at ang maliliit ay naglalaman ng mga sumusuportang kaisipan. Mayroong Puzzle Piece na maaring hindi kasama sa sumusuporta sa pangunahing kaisipan.
- Ang mag-aaral ay mayroong 10 minuto para idikit ang mga puzzle piece.


**Halimbawa:**




Pangkat 1:




Pangkat 2:



**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: “Para malaman kung may natutunan sa ating aralin , halinat tukuyin natin ang Pangunahin at Pansuportang Kaisipan.”
- Gamit ang Graphic Organizer: Ibigay ang Pangunahing Kaisipan at Pansuportang Kaisipan sa Teksto.
- Ang bawat pangungusap ay nakalagay sa *Strip.* Tutukuyin ng mag-aaral ang Pangunahin at Pansuportang Kaisipang. Ilalagay nila sa wastong klasipikasyon ang pangungusap.


Unang araw ng pasukan.

Masaya ang mga mag-aaral.

Ang bawat isa ay nagmamadali patungo sa kanilang paararalan.

Pagkakita sa dating kamag-aral, humunto sila at bumabati sa isa’t isa.

Kasunod nito ay usapan at kuwentuhan na.




**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Delivery (DepEd-BLD)
Contact Numbers: 8637-4366; 8637-4347; 8633-9347

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Contact Numbers: 8634-1072; 8631-6922

Email Address: blr.od@deped.gov.ph

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG
Bansang Makabata Batang Makabansa